

NASUSUMPUNGAN SA TUWINA NG MGA KALOOB NG DIYOS ANG DAKO NILANG PAGLALAGYAN



Salamat, Kapatid na Neville. [Sinasabi ni Kapatid na Neville, “Pagpalain ka ng Diyos, kapatid.”—Pat.] Pagpalain ka ng Panginoon, kapatid.

Magandang gabi, mga kaibigan. Kararating ko lang, kani-kanina, at naisip ko po sa pagpunta ko rito na batiin kayong lahat ng isang “Maligayang Pasko.”

² At mangyaring hindi ko po inaakala na mabibigyan ako ng dakilang pribilehiyong ito na makapangusap sa inyo tungkol sa Salita ng Panginoon. At pinakiusapan nga ako ni Kapatid na Neville, at may ilan naman ako ritong maiiksing Pamaskong teksto na naipangaral ko na, ang isa rito’y naipangaral ko na sa—sa Phoenix at ’yung isa sa Tucson, at sa iba’t ibang mga lugar doon, isang regular na Pamaskong mensahe. At naisip ko nga, ngayong gabi, na mangungusap na lamang ako tungkol sa isang mumunting bagay rito na inilagay kamakailan ng Panginoon sa isipan ko, habang naroon ako noon sa Colorado.

³ At may pinagbubulayan ako noon at panahon ’yun noon ng Kapaskuhan, at mayroon akong mga lima o anim na maiiksing tala na naisulat dito, mga Kasulatan at bagay-bagay. At . . . di lang ako . . . Sa palagay ko’y ginagawa rin ito nila Kapatid na Neville at ng lahat ng mga ministro. Kayo’y . . . ’yun bang may bigla na lang darating sa iyo, at isusulat mo ’yun. Naghihintay ka lang, tapos isusulat mo ’yun. Isusulat ko ’yun sa isang pad ng papel, sa pad lang ng papel. Pagkatapos kapag bigla akong tatawagin para mangusap, sisilipin ko uli ’yun at sasabihin, “Ano na nga uli itong sumagi sa isip kong ito noon?” Ganoon nga, kapag bigla kaming tatawagin, alam n’yo.

⁴ Noong araw, ako . . . noong bata-bata pa ako, ang gagawin ko lang . . . mabilis pa kasi akong makapag-isip noon, iisipin ko lang ’yun nang dali-dali, at di ko na kailangang maghintay pa, iisipin ko lang “Sampung araw ang nakalilipas ako’y nasa ganito, ganoong lugar. Ito po ang teksto ko. Ganito po ’yan, ganoon.”

⁵ Alam n’yo po, mula nang lampasan ko ang ilang yugto sa buhay ko, Kapatid na Higginbotham, nang matawid ang ilang ilog, ay di na ngayon katulad ng dati, habang palayo na nang palayo ang nalalakbay ko sa daan. Gayumpaman . . . gaya

ng sinabi ni Kapatid na Neville, kanina, “Papalapit na tayo, papalapit na ang ating Pag-uwi.”

⁶ Napakainam nga na makabalik muli sa sariling bayan. Ako nga, nung pag-uwi ko rito, naku, grabe talaga ang niyebe. At may . . . at nabalitaan ko 'yung tungkol sa mga aksidente at mga bagay-bagay, napakarami ng nadidisgrasya sa kalsada, at may mga taong namamatay. At isipin n'yo na lang kung ilang daan pa ang mamamatay ngayon, mula ngayong gabi at pagkatapos ng Bagong Taon, ilan pang mga Amerikano ang mamamatay! At alam n'yo, ang ilan sa atin ay marahil narito, ngayong gabi. At nakasalalay 'yan ngayon, sa . . . kalagayan natin sa harapan ng Diyos. Napakalungkot ng bansa, sabi ng kapatid na lalaki kanina, naglipana ang kalungkutan sa buong dako. At maging ang watawat natin ay nakataas, tatlumpung araw, nakataas sa kalahati ng tagdan, dahil sa grabeng kasalanan at sa mga taong di matanggap ang kaparaanan ng Diyos sa—sa—sa mga bagay-bagay.

⁷ Kahit na hindi tayo sumasang-ayon sa isang tao, sikapin pa rin nating kapatid ang turing natin, at mangyari ngang . . . Kita n'yo, kung si Cristo ay nasa puso natin, ay kahit na gaano pang di ka sang-ayon sa taong 'yun, may pag-ibig ka pa rin dapat para sa kanya at paggalang. Maging ako'y marami akong mga tao na di sinasang-ayunan, madalas 'yan. Pero kahit ganoon, hindi pa ako nakakakita ng isang tao na di man ako sang-ayon sa kanya ay iba ang turing ko sa kanya bagkus “yayakapin ko siya't tatawagin siyang 'kapatid ko,' sisikapin kong tulungan talaga siya sa abot ng makakaya ko.” Marahil di ako sang-ayon sa kanya at dahil dun marahil sa di ko pagsang-ayon siya'y . . . Ang pinaniniwalaan niya'y, di marahil tulad sa pinaniniwalaan ko, pero . . . haya't kung anu-ano pa, pero ang gagawin ko nga'y sisikapin kong ipakita sa kanya ang paraan ko at siya nama'y ipapakita niya rin 'yung paraan niya sa akin, at pagtatagpuin namin ang mga 'yun at may mga bagay kaming isasantabi at titingnan namin kung anong kalalabasan nun, pero 'yung mga di pagsang-ayong gaya nun. Ang mahalaga nga'y sa dulo . . . ay di dapat tayo magalit o magnais na manakit, o manira o ano man 'yan. Ang dapat sana'y lagi tayong nagsisikap na tumuon sa pagpapatibay ng isa't isa.

⁸ Mukhang maginaw talaga ang panahon natin dito, di po ba? Sitenta y dos ang temperatura nung umalis ako ng Tucson, at paglubog ng araw at nagdilim na, nasa sisenta y nuwebe pa rin. Kaya, nung pagbalik ko rito, talagang nanginginig ako sa lamig, alam n'yo. Ako'y . . . Yung mga niyebe sa daan, at 'yung temperatura rito na mababa pa sa zero, at 'yung yelo at lahat na, kinakailangan ko na namang masanay uli. Nakapagtataka nga na naiiba agad 'yung “nakasanayan mong klima” kahit sa—sa kaunting panahon lang. At mula nung iwan ko po kayo rito, ay di pa talaga ako nakakabawi sa sama ng pakiramdam.

Nagkaroon ako ng . . . parang sinus dahil sa—sa klima rito, at habang tumatanda ako . . . At ako nga'y isinilang at lumaki rito. Pero kapag, kita n'yo, kapag bata ka pa kasi, may bagay kang kung ano sa iyo, kaya kayang-kaya mo; pero pagtanda mo, aba, unti-unti mo nang napapansin na para bang nawawala na 'yun sa iyo. Dati-rati, sige lang kahit di mo pansinin. Di mo . . . may bagay ka riyan na—na di mo na ngayon kayang gawin di tulad nang bata ka pa, kaya sa ganoon ay nalaman ko na ang dapat pala sa akin ngayon . . . na ang mainit na klima, para sa isang matanda na, ay mainam rin ang naitutulung.

⁹ Naaalala ko nung pumupunta ako noon sa Utica Pike sa dako roon, bata pa ako noon (siyete, otso, diyos, dose, katorse anyos), walang maayos na sapatos (tennis shoes lang) at 'yung temperatura'y walo o sampung baitang na mas mababa sa zero, at 'yung tennis shoes ko, nakausli pa 'yung mga daliri ko sa paa. At di 'yun . . . ngayon di lang 'yun basta paglalakad gaya sa mga lansangan dito, kundi talagang sinusuong ko noon 'yung niyebe. Walang nakakadaan dung mga sasakyan, marahil may marka ng gulong ng bagon kung minsan. Susuungin ko 'yung malapad na kalsadang 'yun isang umaga, suot lang ang munti't lumang balabal, walang kamiseta sa loob, at nakaperdible lang nang *paganito*, di hamak na mas maayos itong suot ko ngayon; tapos basang-basa ako hanggang tuhod, pero dire-diretso lang ako't di ko 'yun alintana. Kita n'yo, di man lang ako nilalamig. Pero apatnapu't limang taon na ang nakakaraan n'yan. Kaya, marami nang inihina ako, mahaba-haba na ang nilakbay ko sa buhay na kumbaga sa ispidometro marami na akong milyang natakbo, alam n'yo, kaya hayan nga't hindi na natin kayang gawin minsan 'yung mga bagay na nagagawa natin noon.

¹⁰ Nakikita ko ngayon si Kapatid na Capps na itinataas niya ang kanyang ulo. Napakabata mo pa para maisip 'yung mga ganoong bagay. At kaya hintayin mo lang hanggang umabot ka na rin sa edad namin ni Kapatid na Neville at ako, tapos—tapos maiisip mo—mo na ang sari-saring mga bagay na iba na talaga, tulad na lang ng humihina ka na.

¹¹ Buweno, nagtamasa nga tayo ng mga dakilang panahon sa Panginoon. Pinagpala tayo nang lubos ng Panginoon, at labis akong nagpapasalamat. At magbabalik ako, sa palagay ko, sa susunod na Linggo, kung loloobin ng Panginoon, nais ko, kung ayos lang kay Kapatid na Neville, 'yung . . . magdaraos ako ng gawain, siguro'y Linggo ng umaga at Linggo ng gabi, gawaing pagpapagaling 'yung sa Linggo ng gabi. Linggo ng umaga ay may mahalaga akong mensahe, kung loloobin ng Panginoon na ipangusap ko 'yun. Hindi ko pa naiisip ang teksto ko . . . hindi pa buo ang teksto ko, wala pa akong konteksto para dun, dahil ako'y—ako'y . . . wala—wala pang, alam n'yo, kapahayagan na nanggagaling sa Panginoon, kundi sa sarili ko pa lang ito. Nais

ko—ko ngang magpahayag ng isang bagay sa Linggo na umaasa akong kahit paano’y makakatulong nang kaunti sa paglaon.

¹² Kailangan ko ngang humayo na sa labas, at halos lahat na ng araw ay may gawain ako sa iba’t ibang dako. Sa palagay ko’y nabanggit na sa akin ito ni Billy, na kasama sa itineraryo ko, ’yung dalawa o tatlong araw ko na maaari akong makauwi sa Abril pagkatapos kong lumuwas dito, babalik sa Tucson, at ’yun na ’yun marahil. At pagkatapos dito na naman sa susunod na Nobyembre, Oktubre, pagbalik ko uli sa gawi rito galing sa ibayong dagat.

¹³ Ngayon, dalawang araw na lang at Pasko na. Isang araw na lang pala, hindi po ba? Dalawa pa pala. Lunes. . . Martes ang Bisperas ng Pasko? Martes na ang Bisperas ng Pasko. Hindi po ba’t nakakadismayang makita na ang dakilang araw na ito, na papalapit na tayo, ay ganoon na lang ang paghahanda nilang ginagawa gaya na lang ng paghahanda nila rito? Isa ngang kalunos-lunos na bagay, talagang isang—isang—isang kadisdismayang bagay, na isipin na—na ’yang mga kunehong ’yan at ’yang—’yang kathang-isip na ’yan na “Kriss Kringle” (Santa Claus) at kung anu-ano pa, ay inaalis ang tunay na halaga ng kung ano ba dapat talaga ang Pasko.

¹⁴ Ngayon, hindi natin. . . hindi natin—natin inaalang, at ako nga’y hindi naniniwala. . . Nasa biyahe ako noon, nariyan ang maybahay ko sa likod, at ako’y. . . nasa biyahe, may astronomo akong napakinggan; ngayon nga’y, may ibang kaisipan silang kinikilingan tungkol dun sa sinabi sa akin ng isang astronomo maraming, maraming taon na ang nakalilipas, noong tanod pa lang ako sa kaparangan dito sa Indiana. Haya’t sinasabi nila sa akin na. . . ’yung pagkukumpol-kumpol nung mga bituwin na ’yun, na sinabi sa akin noon nung astronomo na nagkukumpol-kumpol nga, ang sabi nila’y isang natural na pangyayari lang daw ’yun na nangyayari tuwing, sa pagkakaalala ko’y ang sabi niya ngayong gabi, tuwing walong daang taon daw, o para raw ganoon. At nagkukumpulan daw uli, ’yung: Sargas at Jupiter, at nakalimutan ko na; at Mart-. . . Mars; hindi, ’yun. . . hindi po yata ’yun. Yung mga bituwin po yatang mabilis na dumadaan kapag tumatawid sila’t lumilinya sa mundo, at ang sabi nga ng astromonong ’yun ngayong gabi ay natural lang daw ’yun na pangyayari talaga. Ako’y—ako’y hindi po ako—hindi ako sang-ayon diyan. Naniniwala kasi akong isa ’yung sobrenatural na bagay, na ang Diyos ang may gawa. Siya, ’yang mga bagay na ’yan ay sobrenatural sa Diyos. Siya ay Sobrenatural.

¹⁵ At—at tinitingnan ko’t alam kong papalapit na uli’t Abril na naman, ako’y. . . kung loloobin ng Panginoon na mabuhay pa ako nang matagal, ako’y magsising—kuwenta y singko anyos na n’yan. Kita n’yo? At alam kong—alam kong. . . Pero inaalala ko ’yung mga pangyayari sa buhay ko, at iniisip ko kung saan nga ba

'yun nangyari. Magmula dun sa pinaka una naming mga munting Pasko, nung nagsasabit pa kami noon ng mga medyas namin, at may ilalabas dun si Nanay . . . Makakatanggap kami ng siguro tig-isang kahel, at dalawa o tatlong maliliit na piraso ng kending may guhit-guhit, at isang masayang Pasko na 'yun para sa amin. Pero, alam n'yo, ang mga bata nga'y sila'y—sila'y nakatuon sa mga regalo. Nalaman nga natin—natin na—na ang Pasko para sa . . . lalo na sa mga bata, sila'y—sila'y nakatuon talaga sa mga bagay na 'yan sa panahong ito. Nakabaling dun—dun 'yung mga bata. Pero ang dapat sana sa mga nakatatanda; dapat ay ituro nila sa mga anak nilang bata kung ano nga ba talaga ang tunay na Pasko.

¹⁶ At ako'y lubos na di naniniwala na—na si Cristo raw ay naipanganak ng ikadalawampu't lima ng Disyembre, sa Judea, dahil kung tutuusin mas maginaw pa sa dako roon kaysa rito sa atin ngayon. Kita n'yo? Oh, at papaano nga ba 'yun na may mga pastol dun na nagpapastol ng mga tupa nila sa gabi? At—at saka 'yung pagbubuwis at 'yung lahat ng 'yun, at itong si Maria'y kailangang maglabay nang ganoong kalayo, galing Betlehem patungong Judea, patungong Jerusalem, pala, sa . . . para sa pagbubuwis. Mahirap nga sa—sa—sa akin na—na—na paniwalaan 'yan. Galing pang, sa tingin ko'y galing pa siya ng Nazaret, at kaya naman . . . Papaano nga—nga 'yun mangyayari. Hindi 'yun maaaring—maaaring mangyari, haya't naniniwala akong si Cristo'y ipinanganak ng tagsibol, dahil kung tutuusin Siya'y isang Cordero sa lahat ng paraan. Kita n'yo? Napansin n'yo ba, Siya'y ipinanganak sa isang kuwadra, at hindi sa isang bahay?

¹⁷ At nung dalhin nila Siya sa krus (nung iba), gaya ng alam natin dito, na di sinabi roong Siya ang nagdala sa kanila dun, kundi sila ang nagdala sa Kanya roon. Alam n'yo bang ang isang kordero o isang tupa'y kinakailangang pangunahan patungo sa katayan? Hindi 'yun—'yun magpupuntang mag-isa sa katayan, kailangan n'yong—n'yong pangunahan 'yun doon. At kadalasan ay isang kambing ang nangunguna sa tupa. Dun sa—dun sa mga dakong katayan, mayroon silang kambing dun. At lalakad 'yung kambing paakyat sa isang tabla, hanggang sa madala niya dun 'yung tupa para makatay, at tapos lulundag palabas 'yung kambing. Pero kapag dumating na ang oras para katayin na nila 'yung kambing, talagang magsisisipa siya roon at magwawala (habang ipinapasok siya) pero, siyempre, di mo rin siya masisipi. Pero—pero ganoon nga 'yun na—na ang isang tupa'y kailangan talagang mapangunahan, at pinangunahan nga Siya noon sa katayan. Kanilang pinangunahan Siya. Siya'y isang Cordero. At naniniwala akong ganun nga 'yun dahil ganun talaga ang kalikasan nun, at isinisilang ang mga kordero ng Marso, Abril, at basta nasa pagitan nun, hindi na aabot ng Mayo. At di ako naniniwalang bago 'yun mag-Marso at tapos na ang Mayo, basta nasa pagitan lang nun.

18 Pero ang nangyari nga'y 'yung iglesya, ang Cristianismo, ay ipinag-asawa sa Romanismo, doon sa Konseho ng Nicaea, ang nangyari nga'y tinanggap nila . . . tinanggap ng bansang 'yun ng Romano ang Cristianismo at nagbuo sila ng tinatawag nilang unibersal na relihiyon, galing sa Cristianismo. Gumawa sila ng unibersal na relihiyon, at doo'y sumasamba sila sa mga diyus-diyosan, at mayroon pa sila nitong diyos-na-araw.

19 At ngayon nga, magmula sa—magmula sa ikadalawampu't isa hanggang sa ikadalawampu't lima, ang araw ay halos di gumagalaw sa landas nito habang dumadaan ito. Ano nga uli ang tawag n'yo roon? Para yatang. . . Alam kong alam ko 'yun, pero di ko lang maalala ngayon. Yun bang kapag 'yung araw ay—ay. . . humahaba 'yung—'yung oras niya't maiksi naman 'yung oras, hanggang sa mag-ikadalawampu't isa, mahaba sa pagitan ng ikadalawampu't isa at ikadalawampu't lima ng Disyembre. Oh, nakalimutan ko na ang tawag nila rito. Ano po 'yun? [May nagsasabi sa kongregasyon na "Eclipse?"—Pat.] Hindi, 'yung eclipse kasi'y kapag dadaan, 'yung araw at buwan ay sabay na dadaan. Malapit na dun, oh, malapit ko—ko—ko nang masabi pero di ko lang masabi. Gayumpaman, 'yung halos di paggalaw 'yun ng araw na tinatawag ng mga Romano (sa mga araw na ring 'yan sila nagdaraos ng mga sirko), tinatawag nila 'yung *kaarawan ng diyos-na-araw*. Ipinagdiriwang nila 'yun mula sa ikadalawampu't isa hanggang sa ikadalawampu't lima ng Disyembre.

20 Kaya ang nangyari, iniba lang nang konti, dahil ang Roma nga'y. . . tinanggap ang Cristianismo, at inayon sa nakagawian nila sa Roma, pagkatapos sabi nila, "Magtatanghal kami ng katulad nun na pagdiriwang, at tatanghalin ang *kaarawan ng Anak ng Diyos*." Kita n'yo? Ang diyos-na-araw, kaarawan ni Jupiter, magiging kaarawan ng *Anak ng Diyos* [Ang araw at *Anak* ay magkatunog sa wikang Ingles, "*sun*" at "*Son*"—Pat.], ikadalawampu't lima ng Disyembre, at diyan . . .

21 Pero ano bang dapat maging iba? Kita n'yo, ngayon nga'y sa ating. . . Kahit na iba pang. . . kahit na Hulyo man o Agosto ganapin, o anong buwan pa man ito ipinagdiriwang, dapat na manatili ang kasagraduhan ng pag-alaala na "pinagkalooban tayo ng Diyos ng pag-asang taglay na natin sa loob natin."

22 At ngayon, maaaring sabihin n'yo, "Buweno, lahat naman sila'y nakiki-Santa Claus na't nagsasaya gaya ng kinagawian nila; aba, siguro'y makigaya na rin tayo." Hindi, po! Hindi, hindi ito isang paganong pagdiriwang para sa atin, ito'y isang sagradong oras. Kung hindi nagkaroon ng Pasko, wala sanang pagkabuhay na mag-uli. Kung hindi nagkaroon ng Pasko: wala sanang pag-ibig, wala sanang kapayapaan, wala sanang buhay pagkatapos para sa mananampalataya; kung hindi nagkaroon ng Pasko.

23 At ngayon, sasabihin n'yo, "Buweno, kung ang iba riyang sa sanlibutan, sila nga'y . . ." Buweno, tingnan n'yo po, ang sanga-sangang kidlat sa maitim, at maulap na langit, ay nagpapakita na puwedeng magkaroon ng liwanag sa panahon ng kadiliman. Ang mga liwanag na ito sa gabing ito ang nagpapatotoo, na puwedeng magkaroon ng liwanag sa panahon ng kadiliman. At kailan ba nagliliwanag nang pinaka maliwanag ang liwanag? Sa kadiliman nga. Buksan n'yo ang mga ilaw na ito sa araw, habang sumisikat ang araw, aba'y halos di n'yo mapapansin na nakabukas ang mga ito. Pero kahit isang munti't, gadultok lang na liwanag ay magliliwanag nang hustong napaka liwanag sa oras ng kadiliman. At ang panahon ngayon ay kadiliman kung saan nararapat lamang na magbigay ang bawat isang Cristiano ng isang patotoo ng pag-asang taglay niya, tungkol kay Jesus Cristo na Anak ng Diyos; at hindi 'yung tungkol sa kung anong Kriss Kringle na 'yan na ipinanganak raw kung saan, alam n'yo, at may kung anong punongkahoy na biglang umilaw at pinuntahan 'yun sa kagubatan isang gabi, kung anong kathang kuwento na walang basehan. Sa halip nananampalataya tayo nang buong-buo sa ipinangakong Salita ng Diyos tungkol sa isang darating na Mesiyas, at isinilang Siya sa araw ng Pasko, dalawampu . . . halos magdadalawang libong taon na rin ang nakararaan, naniniwala tayo.

24 Kaya, ngayong gabi mangungusap tayo nang kaunti sa ibang pagsilip naman. Sa palagay ko'y nangusap na ang inyong pastor, at marahil mangungusap uli itong Miyerkules ng gabi haya't alam kong—kong may itinabi siya riyang ilang teksto o parang ganun, kaya ibinigay niya sa akin ang entablado ng ito ngayong gabi. At nais ko ngang ipangusap niya 'yan, nais ko siyang mapakinggan.

Pero, bago tayo magpatuloy rito ngayon, iyuko nating muli ang ating mga ulo para sa isang sandali ng pananalangin.

25 Makalangit na Ama, ang dakila't sagradong sandaling ito, na pinagbubulay-bulay namin ang iba't ibang mga bagay rito sa Kasulatan, na saanman kami dumako, sa Lumang Tipan, ay ganap na nangungusap tungkol sa araw na 'yun na isusugo ng Diyos ang Kanyang Anak. Ang mga propeta nga noon ay sadyang naglaan ng kanilang oras upang ipropesiya ang Salita ng Diyos na dumating sa kanila. At sila'y nagsipagpropesiya sa kanilang panahon at pauna nang sinabi ang mga bagay-bagay na magaganap, at nakita namin itong lahat na naisakatuparan sa Betlehem nung gabing 'yun nang ang pagsinta ng Diyos ay gayon na lamang at ibinigay Niya ang Kanyang bugtong na Anak. Pinasasalamat Ka po namin para rito.

26 At ngayon, Panginoon, ngayong gabi sa aming pagtitipon dito upang—upang makapangusap tungkol sa Iyong Salita; at Ito'y tunay ngang sagrado, Panginoon, 'yan po ang dahilan at

nais naming makipag-usap muna sa Iyo. At hinihiling namin na Iyo pong buksan ang aming mga kaunawaan sa Iyong Salita. Sa Pangalan ni Jesus ay hinihiling po namin ito. Amen.

²⁷ Ngayon nais kong bumasa ng ilang Kasulatan dito, isang madalas nang kuwentong Pamasko, at ang Kasulatan ay narito sa—sa Mateo, sa ika-2 kabanata. At habang bumubuklat kayo, ito po munang Juan 3:16.

²⁸ At nung isang gabi sa Phoenix. . . Sa mga nakikinig dito sa mga teyp, nakikinig sa mga teyp, nais kong pakinggan n'yo ito: *Bakit Kinailangang Magtungo Ni Jesus Sa Betlehem*. Bakit nga ba kinailangan Niyang magtungo dun? At 'yung mga simbolo roon ni David, nagmamatyag dun at—at naghihintay sa ibabaw nung bundok, tumutunghay pababa at pinagmamasdan 'yung hukbo ng mga Filisteo sa baba na nagkakampo. At ikinumpara ko 'yun sa panahong ito mismo, at natuklasan ang Betlehem. . . kung anong ibig sabihin nun.

²⁹ At si Cristo ang ating Betlehem, at may patunay nga na ang bawat isang ipinanganak ng Diyos ay isinilang sa Betlehem, 'pagkat si Cristo ang Betlehem. At 'yun nga Siya, ang *Tinapay ng Buhay*. At ang Bet, *B-e-t* ay ang ibig—ibig sabihin “bahay,” ang *E-l* ay “Diyos,” at ang e-l-h-e-m ay *Elhem* na ang ibig sabihin ay “tinapay,” at kaya “Bahay ng Tinapay ng Diyos.” At si Jesus Cristo ang “Bahay ng Tinapay ng Diyos,” Tinapay ng Buhay na Walang Hanggan. At bawat isang naipanganak kay Cristo, kayo'y isinilang sa *Betlehem*, “Bahay ng Tinapay ng Diyos.” At mangyari ngang ang mga kapisanan ng mga iglesya sa panahong ito'y nagsisipagkampo, gaya nung mga Filisteo noon, upang harangan ang mga tao na makalapit Dito.

³⁰ At naroroon nga ang magigiting na mga kalalakihang 'yun, nabatatid nilang si David ay pinahiran at siya'y magiging hari balang araw. . . pero kinayayamutan siya noon, dahil isa siyang pugante sa gitna ng kanyang bayan, pero dumating 'yung isang araw na dumating na ang tawag sa kanya. May kasama siyang mga magigiting na kalalakihan dun. At tandaan n'yo, ang mga lalaking 'yun ay mga Gentil, halos bawat isa sa kanila ay mga Gentil, napaka ganda ngang tipo ng panahon ngayon. At may isa nga roong lalaki na sa kagitingan niya'y, nakapaslang siya ng walong-daang kalaban sa pamamagitan nung ano niya. . . sa pamamagitan nung sibat niya, lang, sa isang araw. Tapos may isa pa roon na nakatayo sa isang taniman ng lentehas, at may lumusob na isang hukbo, isang pulutong. At nagsitakbo silang lahat, at nakatayo lang siya dun at pumaslang ng mga kalaban hanggang sa mangalay ang mga bisig niya. At tapos may isa pa roon, haya't lumundag siya sa isang hukay at pinatay ang isang leon sa isang maniyebung araw, nang siya lang. At isang Filis- . . . o isang taga-Egipto ang hinabol siya, may hawak-hawak na mahabang sibat, at pumulot lang siya ng patpat at

nagawa niyang mabitawan nung kalaban ang sibat, pinulot niya 'yung sibat at pinaslang 'yung taga-Egipto na 'yun, at pumaslang ng tatlong-daan pang mga kapitan.

³¹ At ginawa nga 'yun nung mga magigiting na lalaking 'yun! Tapos nagnais si David, “Kung makaiinom ako nang minsan pa, kita n'yo, mula sa balon na iyon!” (kung saan pinaiinom niya dun dati ang kanyang mga tupa kapag inilalabas niya sila, mula dun sa kulungan, gustong-gusto nila 'yung tubig na 'yun) At binunot nung mga lalaki ang kani-kanilang mga tabak at nakipaglaban nang labinlimang milya ng mga kalaban, para makakuha't makauwi ng tubig na 'yun.

³² At sabi ni David, “Malayo, na inumin ko ito.” At ibinuhos niya 'yun sa lupa bilang handog na inumin para sa Panginoon. Napakagandang tipo ng siya ring bagay, rito sa Juan 3:16, ngayong gabi.

. . .gayon na lamang ang pagsinta ng Dios sa sanglibutan, na ibinigay niya ang kaniyang bugtong na Anak, . . .

³³ At ano nga itong ginawa ni Cristo? Yaong Buhay na taglay Niya upang mabuhay nang Walang Hanggan, ay ibinuhos Niya sa lupa mula sa Kanyang mga ugat, ang natural Niyang buhay, sa lupa bilang isang handog dahil sa kasalanan para sa atin. At nariyan nga ang mga Gentil ng panahong ito, mga lalaking kagalang-galang, mga lalaking, dakilang mga lalaki, hawak-hawak ang tabak, at sumusuong dun at hinahawi ang kanilang daan upang makakuha ng sariwang inuming tubig para kay Cristo (ang ating David), na kinayayamutang lubos sa panahon ngayon. Subalit ang ating David, na batid nating parating na Siya sa kapangyarihan, Kanyang yayapakan ang bawat bansa sa ilalim ng Kanyang mga paa nang paganito, at paghaharian sila sa pamamagitan ng panghampas na bakal. At nariyan nga ang mga totoong magigiting na kalalakihan na ito, tinitindigan ang Salita ng Diyos at tumatagpas sa magkabilaan na walang takot, 'pagkat alam nating parating na Siya sa kapangyarihan.

³⁴ Basahin na natin ngayon, kasunod nitong Juan 3:16; atin ngang basahin naman ang pagdalaw ng—ng Pantas dito sa San Mateo, sa ika-2 kabanata.

Nang ipanganak nga si Jesus sa Bet-lehem ng Judea sa mga kaarawan ng haring si Herodes, narito, ang mga Pantas na lalake ay nagsidating sa Jerusalem mula sa—mula sa silanganan,

Na nagsisipagsabi, Saan naroon ang ipinanganak na Hari ng mga Judio? sapagka't aming nakita ang kaniyang bituin sa silanganan, at naparito kami upang siya'y sambahin.

Nang ang haring si Herodes . . . ay marinig ito, ay nagulumihanan siya, at pati ng buong Jerusalem.

At pagkatipon . . . ng mga pangulong saserdote at ng mga eskriba ng bayan, ay siniyasat niya sa kanila kung saan kaya ipanganganak ang Cristo.

At sinabi nila sa kaniya, Sa Bet-lehem ng Judea: sapagka't ganito ang pagkasulat ng propeta,

At ikaw Bet-lehem, na lupa ng Juda, Sa anomang paraan ay hindi ikaw ang pinakamaliit sa mga pangulong bayan ng Juda: . . . mula sa iyo'y lalabas ang isang Gobernador, na siyang magiging pastor ng aking bayang Israel.

. . . si Herodes, nang tinawag ng lihim ang mga pantas na lalake, at kaniyang siniyasat ng buong ingat sa kanila ang panahong isinilang ng bituin.

At pinayaon niya sila sa Bet-lehem, at sinabi, Kayo'y magsiparoon at ipagtanong ng buong ingat ang tungkol sa sanggol; at pagkasumpong ninyo sa kaniya, ay ipagbigay-alam ninyo sa akin, upang ako nama'y makaparoon at siya'y aking sambahin.

At sila . . . pagkarinig sa hari, ay nagsiyaon ng kanilang lakad; at, narito, ang bituing, kanilang nakita sa silanganan, ay nanguna sa kanila, hanggang sa sumapit at tumigil sa tapat ng kinaroroonan ng sanggol.

At nang makita nila ang bituin, ay nangagalak sila ng di kawang galak.

At nagsipasok sila sa bahay, at nangakita nila ang sanggol na kasama ng kaniyang inang si Maria, at nangagpatirapa sila, at nangagsisamba sa kaniya: at . . . pagkabukas nila ng kanilang mga kayamanan, ay inihandog nila sa kaniya ang mga alay; na ginto, . . . kamangyan, at mira.

At palibhasa'y pinagsabihan sila ng Dios sa panaginip na huwag silang umuwing . . . mangagbalik kay Herodes, ay nangagsiuwi sila sa kanilang sariling lupain sa ibang daan.

³⁵ Lubos ngang nakapagtataka rito na ang Diyos, ay gagamit ng isang mas mababang paraan, . . . Ang Diyos ay nangungusap naman talaga sa mga tao sa pamamagitan ng mga panaginip. Naniniwala ako riyon. Subalit sa pagkakataong ito'y gumamit ang Diyos ng pangalawahing paraan.

³⁶ Ngayon, ang panaginip . . . ang isang panaginip, kung ito'y ipinaliwanag nang tama, katumbas na ito ng isang pangitain; kung ang panaginip na ito'y maipapaliwanag. Ginagamit na ito ng Diyos noon pa man sa Lumang Tipan at sa pagdaan ng mga kapanahunan, at ipinangako sa huling mga araw na gagamitin

itong muli. Ngayon, minsan ang mga tao kapag nasosobrahan ng kain at—at kung anu-ano pa ay binabangungot, at 'yun ay di—'yun ay di totoong, mga espirituwal na panaginip, hindi 'yun magpapahiwatig ng kahit na ano kapag inyong—kapag inyong babasahin. At ang ilan pa nga dun ay para bang tila totoong-totoo, pero gayumpaman may mga totoong, espirituwal na mga panaginip talaga. At batid natin 'yan dito sa tabernakulo na nagbibigay talaga ang Diyos sa mga tao ng mga panaginip at naipapaliwanag ang mga ito, at nangyayari ang mga ito, at totoong talaga ang mga ito. Subalit pangalawahing paraan lang ito. Kita n'yo?

³⁷ Ngayon, ang dahilan kung bakit 'yung paraan na 'yun ang ginamit noon, ay dahil walang propeta sa lupain nung panahon na 'yun, na maaaring magpaliwanag ng panaginip. Kita n'yo? Walang propeta na magpapaliwanag nung mga panaginip, gaya ni Joseph at—at ni Daniel at 'yung mga propeta ng sinaunang panahon. Hindi sila nagkaroon ng kahit sinong propeta sa loob ng apatnaraang taon, at kaya panaginip ang ginamit ng Diyos para . . . para sa kapakanan ng Kanyang Sariling Anak. Ginawa nga Niya.

³⁸ Nangusap Siya kay Jose, palibhasa'y isa siyang “lalaking matuwid, ayaw ihayag sa madla ang kapurihan ng kanyang kasintahan, ay nagpasyang hiwalayan siya nang lihim.” Di nga maitatangging nabanggit na ng kasintahan niya sa kanya 'yung tungkol sa pagdalaw ni Gabriel at kung ano pa, at 'yung mga sinabi nung anghel; pero nung makita na niyang nagdadalang-tao ang kasintahan niya, ay—ay talagang di niya lubos maisip 'yun. Alam n'yo, talagang . . . talagang kakaiba 'yun. At alam n'yo, 'yan ang problema sa ngayon. May gagawin ang Diyos na mga bagay na di lubos maisip, at sa sobrang di lubos maisip ay kahit matuwid na tao'y hindi 'yun makita-kita.

³⁹ Hindi 'yun mauna-unawaan ni Jose, talaga kasing di lubos maisip 'yun. Isa siyang mabuting tao, walang maipupula sa kanya. Isa siyang mabuting tao, isang lalaking matuwid, pero sadyang di lubos maisip talaga 'yun. Kita n'yo, si Jose marahil ay apatnapung taong gulang na nun o apatnapu't lima, nasa ganung edad, gaya ng sabi nila, noong ipinagkasundo siya at si Maria na maikasal. Pero haya't nasumpungan natin dito ang isang bagay na hindi pa kailanman nangyayari: isang babaing malapit nang ikasal sa lalaking ito at pagkatapos nagdadalang-tao naman! At sa sobrang di lubos maisip nun ay nagpasya nga si Jose na hiwalayan siya. Pero sa mismong napakahalagang sandali na 'yan, isinugo ng Diyos ang Kanyang Anghel, at nagpakita sa kanya sa isang panaginip at sabi, “Huwag kang mangamba sa pagtanggap kay Maria na iyong asawa, sapagkat Yaong kanyang dinadala ay sa Espiritu Santo.”

⁴⁰ Grabe sigurong pinagbagong-lakas na pananampalataya ang nakamit noon ni Jose nung bumangon siya sa higaan! Kita

n'yo, hindi na niya kinailangan ng anumang paliwanag dun, 'yung panaginip ay hindi naka-simbolo. Tahasan 'yun, "Huwag kang mangamba sa pagtanggap kay Maria na iyong asawa, sapagkat Yaong kanyang dinadala ay sa Espiritu Santo." Wala ngang propeta noon para magbigay ng paliwanag, kaya direktso ang pagkakalahad, ganoong kadirekta nga; sa Diyos . . . mula sa Diyos patungo kay Jose. Ngayon . . . at gumamit nga ang Diyos ng pangalawahing paraan.

⁴¹ Ano ngang itinuturo nito sa atin dito, bago tayo tumungo sa ating teksto? Heto ang itinuturo nito sa atin: na maaaring gamitin ng Diyos ang bawat pandama ng ating katauhan kung ito'y nailala- . . . naisuko sa Kanya. Maaari Niyang gamitin ang ating isipan, ang ating mga panaginip, ang ating pangalawang kamalayan, ang ating pangunahing kamalayan, ang ating dila, ang ating mga inaawit, ang ating mga mata, ang ating . . . Ang lahat ng mga bagay na taglay natin ay maaaring gamitin ng Diyos kung ilalaan ito sa Diyos. Kita n'yo? Ang lahat-lahat mo, ay iyo ngang ilaan sa Diyos. Kanyang gagamitin ang bawat daluyan at bawat bahagi mo, gagamitin Niya ito. Kahit ano pa 'yan, gagamitin Niya 'yan kung 'yan ay pinaging-banal para sa Kanyang layunin at pagtawag.

⁴² Ngayon, sa gabing ito, mangungusap tayo tungkol sa: *Mga Kaloob*. At nais kong pamagatan ito, kung . . . isinulat ko, may naisulat ako rito, noong nakatayo kanina si Kapatid na Neville: *Nasusumpungan Sa Tuwina Ng Mga Kaloob Ng Diyos . . . Nasusumpungan Sa Tuwina Ng Mga Kaloob Ng Diyos Ang Dako Nilang Paglalagyan*. Sa tuwina'y tinatanggihan ang mga kaloob ng Diyos, pero nasusumpungan nga nito ang dako nito kung . . .

⁴³ Ngayon, masdan n'yo po 'yung kaloob na inihandog nung mga lalaking pantas na ito . . . o inihandog sa Kanya. Ngayon mapapansin natin na ang ginagawa nati'y nagpapalitan tayo ng mga regalo. Kinakailangan ngang may regalo ang bawat isa, at sinisikap ng bawat isa na tantyahin kung ano ang ibibigay sa kanya nung isa pa, para mabigyan niya siya ng isang bagay na kasing halaga rin nun. At kung hindi, buweno, sa Bagong Taon, pakiramdam niya'y dapat siyang bumawi. At ang bawat isa'y grabeng nag-iingat at nag-aalala at di mapakali sa paglakad, maging 'yung mga milyunaryo, paano nga ba sila makakabawi. Mabibigyan nila 'yung isa ng labis-labis tapos 'yung isa naman, gayong hindi—hindi naman dapat kasi ganoon. Hindi—hindi—hindi—hindi naman kasi dapat . . . ang Pasko dapat . . .

⁴⁴ Hayan nga't: may isang kaloob ka lang na maibibigay mo, at 'yun ay ang sarili mo. Ibigay mo ang iyong sarili sa Diyos sapagkat inialay na Niya sa iyo ang Kaloob Niya. At ngayon, may isang natitira pang bagay na di mo pa naibibigay sa Diyos, 'yun ay ang sarili mo sa Kanya.

45 Ngayon, at maraming beses, ang mga *pangalan* sa Biblia. Hindi na natin 'yun masyadong pinapansin, ngayon. Tayo . . . Madalas n'yong naririnig akong galit na galit sa pangalang ito, ng mga bata na ang pangalan . . . o may mga nagpapangalan sa kanilang mga anak na "Ricky." Ngayon, ang *Ricky* ay isang napakapangit na pangalan! Kita n'yo? At isa itong . . . di kayo dapat nagpapangalan ng ganun sa kanila. Kung may anak nga kayong ang pangalan ay Ricky, sa ikabubuti'y, palitan n'yo na ito ng iba. Ang *Ricky*, o—o *Elvis*, o 'yang mga 'yan . . . Ang ibig sabihin nga ng *Ricky* ay "isang daga." Kita n'yo? At kaya kung inyo—inyo ngang . . . At—at kung ano ngang tawag n'yo sa isang tao, mag-iiwan 'yun ng bakas sa kanya. May isa pong munting ginang, noong isang araw, 'yung maliit niyang anak na lalaki'y ang tawag sa kanya'y "Ricky" at ang pangalan niya'y Ricky, James Ricky. At dahil uso kasi 'yun ('yung Ricky), ang tawag nila dun sa bata'y "Ricky." Sabi ko, "Palitan mo ang pangalan na 'yan!"

46 Napapansin ko na may ilang mga nakaupo rito ngayon na may apong lalaki, at ang ipinangalan sa bata'y . . . 'yung isang—isang munting bata'y talaga pong malambing, kalugod-lugod na munting bata; samantalang 'yung isa palibhasa'y Ricky, ay naging ganoon tuloy siya. Obserbahan n'yo nga siya, 'yung kalikasan niya'y nagiging 'yun talaga. At 'yung bata . . . sinabi ko sa mga lolo't lola niya, o sa isa riyang, sabi ko, "Sabihin n'yo sa nanay na palitan ang pangalan ng batang 'yan, subukan n'yo na palitan ng pangalan at tingnan n'yo kung anong mangyayari sa bata." Kita n'yo, ayaw n'yong maniwala sa ganyan. Iniisip kasi nating iba na itong panahon natin at luma na 'yung ganun.

47 Kung walang kinalaman ang pangalan, aba'y kung ganoon bakit hangga't si Jacob ay tinatawag na *Jacob*, na ang ibig sabihin ay "mang-aagaw, manlililalang," ay ganoon nga siya? Subalit nung nakipagbuno siya sa Panginooon nang magdamag, at pinalitan ng Panginooon ang kanyang pangalan, at nasa . . . nasa animnapung taong gulang na siya noon. Pinalitan Niya siya ng pangalan mula—mula—mula Jacob naging *Israel*, "isang prinsipe sa harapan ng Diyos," at naging ganoon nga siya.

Bakit si Abram ay tinawag na . . . ay kinailangang tawaging "Abraham" bago maipanganak 'yung sanggol? Bakit tinawag si Sarai na "Sarah" bago maipanganak 'yung sanggol?

Bakit si Pablo . . . o noo'y . . . ang pangalan niya noo'y Saulo, pero noong makatagpo niya si Jesus, binago Niya siya mula Saulo naging "Pablo."

May pagkakataon ding si Simon ay pinalitan ng pangalan mula Simon naging *Pedro*, na ang ibig sabihin "maliit na bato." At—at pinalitan ngang lahat ang mga pangalan nila, ang dahilan nga'y kung ano kasi ang tawag sa iyo ay may kung ano riyang na may kinalaman sa pagtawag na 'yun. Sa tuwina nga't sasalitain

mo ang isang bagay, nagiging ganoon ang pagkaka kilanlan nito. Hindi ko na siguro palalawakin pa 'yan, dahil tatalakayin ko 'yan sa susunod na Linggo ng gabi, kita n'yo, pagkakakilanlan sa salita. At, hayan nga't, nakikita nga nating ang mga bagay na ito'y totoo namang talaga.

⁴⁸ Ngayon masdan, ang Diyos . . . Nakapagtataka nga ngayong gabi, habang tinitingnan natin 'yung mga kalalaking 'yun, mga Pantas, mga lalaking aral na aral, mga dakilang lalaki . . . na dumarating mula sa Silangan, sa Babilonia, sa India. At di lang 'yun basta nakarating kaagad sila sa magdamag, at nag-umpisang maglakbay ng isang gabi at nakarating na agad doon nung sumunod na gabi, nasa halos dalawang taon nga muna bago sila nakarating sa dakong 'yun. Hindi sila dumating na ang naabutan nila roon ay munting Sanggol sa sabsaban. Ang naabutan nila'y musmos nang Bata, musmos nang Bata. At ang ipinapatay nga ni Herodes ay mga batang nasa dalawang taong gulang na halos. Kita n'yo, nalaman nga natin na hindi na munting sanggol na nakahiga sa kuna, dahil kung ganun ay mga sanggol lang dapat ang ipinapatay niya. Pero mga batang paslit ang ipinapatay niya, para makatiyak siyang mapapatay niya Siya, basta nasa dalawang taong gulang pababa. Tinantya niya 'yung taon dahil hindi naman niya gustong basta pumatay na lang ng marami, o lahat sila, ano lang niya . . . kung tutuusin alipin lang naman ang turing niya sa kanila. Gusto niyang . . . makatiyak na mapapatay Siya, kaya ang sabi niya, "Yung Bata ay halos magda-dalawang taong gulang na. Kaya, lahat ng dalawang taong gulang pababa, patayin n'yo." Kita n'yo?

At isinakatuparan n'yan 'yung sinabi ng propeta, na "Sa—sa Rama ay narinig ang isang—isang paghiyaw o iyak, isang pananangis; na tinatangisan ni Raquel ang kanyang mga anak, sapagkat sila'y wala na."

⁴⁹ Ngayon, napansin n'yo ba na 'yung mga lalaking pantas na 'yun, mga dakilang lalaki, nasa Babilonia sila noon at nakita nila 'yung Kanyang Bituwin, ating sinabi, "Aming nakita ang Kanyang Bituwin sa silanganan at naparito kami upang Siya'y sambahin." Nanggaling sila sa silangan, kung saan nakita nila 'yung Bituwin, naglakbay pa-kanluran. Dahil ang India'y nasa kanluran, hilagang kanluran ng Bab- . . . ng—ng Palestina. At tinawid nila 'yung Ilog Tigris at binagtas ang mga kapatagan hanggang makarating doon, nakarating sa Betlehem kung saan natagpuan nila 'yung—'yung—'yung Sanggol. At tandaan n'yo itong si Jose at sila'y hindi lumagi roon; nagtungo sila mismo sa Nazaret at doon pinalaki ang Bata, doon mismo.

⁵⁰ Ngayon, nakita natin dito na naghandog sila . . . Ang mga lalaking ito, palibhasa'y mga astronomo at pinag-aaralan nila ang mga bituwin, at nakita nila itong mahiwaga't makalangit na mga liwanag na nagpakita roon sa itaas, na nagpapahiwatig

na may bagay nga na magaganap; na nalaman nilang ang ibig sabihin nun ay ang Mesiyas, ang—ang Pinuno ng kalangitan at ng lupa, ay ipanganganak. At humayo sila, na batid nilang ang Diyos 'yun na nakapaloob, nakapanahan sa isang—isang tao; at sa gayon ay maipakita nila ang kanilang patotoo . . . Alam n'yo, alam n'yo, ang buhay n'yo ay higit na mas malakas mangusap kaysa sa inyong mga salita, na kahit may sinasabi kayong iba, ay malalaman pa rin ng mga tao kung ano nga talaga kayo sa pamamagitan—pamamagitan ng kung ano talaga kayo.

⁵¹ At masdan n'yo ang mga taong ito, ang mga Pantas na ito, dinalhan nila Siya . . . Masdan n'yo 'yung mga kaloob na dinala nila para sa Kanya, may pagkakakilanlan sa iniisip nila kung ano Siya. Dinalhan nila Siya ng ginto, kamangyan, at mira. At ngayon masdan n'yo kung anong sinisimbolo ng mga ito, na nais kong ipangusap sa inyo ngayon . . . ito ngang ibig sabihin ng mga simbolong ito. Ngayon, may naisulat ako ritong ilang Kasulatan patungkol dito na babasahin natin sa ilang sandali, kung loloobin ng Panginoon.

Ngayon: ginto, at kamangyan, at mira.

⁵² Ngayon: ang ginto sa Biblia . . . sadya ngang akmang-akma ang pagkaka-akma nito kay Cristo, dahil kapag sinabing ginto ay tumutukoy ito sa pagka-Diyos. Ang *ginto* ay “pagka-Diyos.” Babalikan natin 'yan maya-maya. Ang *kamangyan* naman ay tumutukoy sa “paglilingkod.” At ang *mira* ay “kamatayan.” *Ang Diyos, pagka-Diyos, sa paglilingkod upang mamatay.* At 'yun nga Siya. Yung mismong mga bagay na dinala nila ay may pagkakakilanlan kung ano ang iniisip nila kung ano Siya.

⁵³ At sinasabi ko rin 'yan sa atin ngayon, “Ang mga bagay na dinadala natin sa Kanya ay nagpapahiwatig kung ano ang mga iniisip natin tungkol sa Kanya.” Naiintindihan n'yo ba ang ibig kong sabihin? Kita n'yo? Kung ika'y . . . Kung sumasampalataya ka Rito nang buong puso, sa bawat Salita nun, ipapahiwatig mo 'yun sa pamamagitan ng pagbibigay ng lahat ng taglay mo Rito. Kita n'yo? Pero kung ang pananampalataya mo'y isa lang itong magandang lugar para makisama-sama sa maiinam na mga tao, sa iglesya at sa mga bagay na katulad nun, hanggang sa ganun lang ang magagawa mong ibigay (ilang mga oras lang ng pakikisalamuha sa kongregasyon o kung ano). Ngunit kung ika'y—kung ika'y talagang sumasampalataya Rito nang buong puso, kung ganoon ay ibibigay mo ang lahat ng bagay na nasa sa iyo Rito. Kita n'yo? At ipapahiwatig nun kung ano ka, na ikaw nga'y tunay na sumasampalataya sa Mensahe, na ikaw ay sadyang sumasampalataya na 'yun ang Katotohanan.

⁵⁴ Napakaraming tao sasabihin nila, “Hanggang *ganito* lang ang kaya kong sampalatayanan. Hanggang *ganoon* lang ang kaya kong sampalatayanan.” Ang mga alagad . . . Naniniwala akong noong huling beses dito, nangusap ako tungkol diyan: *Mga*

Mananampalataya, Mga Mapagkunwang-Mananampalataya, At Mga Di-Mananampalataya. Hindi po ba? Ako...Hindi ba't nangusap ako ng tungkol diyan dito? Kita n'yo? At bawat isa, masdan n'yo 'yung bawat kategorya. Kita n'yo, darating nga sa isang punto kung saan hanggang sa ganitong karami lang ang kaya nilang tanggapin, hindi na kayang tanggapin ang iba pa.

⁵⁵ Ngayon, sadya ngang akma-akma ang mga kaloob na ito sa paglalakbay ni Cristo sa lupa, isang Sanggol na ipinanganak dito sa lupa. At ang mga kaloob na ito na dinala nung mga lalaking pantas sa Kanya, ay akma-akma sa komisyon Niya na buhat sa Diyos at sa Kanyang paglalakbay sa lupa.

⁵⁶ Ngayon, unang-una po: Ang Diyos. Ito'y ang Diyos, si Jesus ay ang Diyos sa anyong tao. Napakahirap para sa mga tao na tanggapin 'yan, maging sa ngayon, na "Siya ang Diyos." At Siya...Iyon nga Siya. Siya'y walang iba kundi ang Diyos. Siya ang Diyos na nahayag sa laman. Siya ay Manlilikha na naroon sa Kanyang Sariling nilikha. Ngayon 'yan...Siya'y Manlilikha na naroon sa Kanyang nilikha, sa pamamagitan ng paglikha, para sa mga nilikha. Siya'y Manlilikha na naroon sa Kanyang nilikha, sa pamamagitan ng Kanyang paglikha, para sa Kanyang mga nilikha. Ang lahat nga'y paikut-ikutin man ay tutumbok pa rin pabalik sa Diyos, ang buong 'yan. Hindi ba n'yo nakikita? Kapuspusan ng Diyos! Siya 'yung Manlilikha na anupa't Siya ang Diyos. At Siya'y isang Nilalang sa lupa (isang Nilalang na humakbang sa oras), kaya naman masasabing Siya ay nagkaroon ng pasimula, samakatwid lumikha Siya para sa Kanyang Sarili ng isang katawan upang mapanahanan. Ang Diyos, Mismo, ay lumikha ng katawan para sa Kanyang Sarili. Kita n'yo? Upang sa pamamagitan ng nilikhang 'yun, ay Kanya ngang maililigtas ang napahamak na sangnilikha na Kanyang nilikha.

⁵⁷ Walang kahit anong bagay ang kayang puksain ng tao, walang kahit isang bagay. Wala kang kakayahan para puksain ang kahit anong bagay nang lubusan. Siguro'y kukuha ka ng kapirasong papel at susunugin 'yun, susunugin mo ang isang gusali, susunugin mo ang isang punongkahoy; pero hindi mo pa rin 'yun mapupuksa. Iyong...ang init na naroon, 'yung apoy na tumupok dun, mga kemikal lang 'yun na nagpipira-piraso. Bumabalik lang ang mga 'yun sa kalagayan nila kung ano sila nung pasimula. Hindi sila napupuksa. Kung magsusunog ka nga ng kapirasong kahoy (at dito sa mundo nga, sabihin nating, kung nabuhay na tayo noon pa man sa Walang Hanggan gaya ng Diyos, at 'yung mga kemikal na 'yun na mula roon sa kahoy at ang apoy na 'yun ay magbalik sa orihinal nitong pasimula at sa...sa kung anuman ito, naghiwa-hiwalay na 'yung mga atom at iba pa, ang—ang mundo nga, sabihin nating, nariyan pa rin sa loob ng milyun-milyong taon), babalik at babalik nga 'yun mismo uli at magiging panibagong punongkahoy, gaya ng kung ano talaga ito dati.

58 Hinding-hindi n'yo mapupuksa ang anumang bagay dahil 'yan ay Salitang Binigkas ng Diyos. Amen! Oh, at pakiramdam ko'y lubos akong napupuspos, ngayon. Kita n'yo? Anumang bigkasin ng Diyos, Ito'y mananatili kailanpaman. Amen! Kita n'yo, hindi n'yo nga mapupuksa. Tayo'y bahagi nitong lupang ito, at hindi tayo kailanman ganap na mapupuksa. Hindi, po. Ang kasalanan (ang kaluluwa) ay mapupuksa, alam natin 'yan. Pero ang—ang katawan na pinapanahanan natin, ay hindi nga maaaring mapuksa. Kita n'yo?

59 Ngayon, samakatwid, lumikha ang Diyos ng katawan para sa Kanyang Sarili. Siya'y Manlilikha, at nilikha ang Kanyang Sariling nilikha, upang sa pamamagitan nitong Nilikhang ito'y Kanyang mailigtas silang nangapahamak na mga nilikha Niya ('yun ay ikaw at ako, mga nilalang ng oras).

60 Ang Kanyang—Kanyang Salita'y ganap na nagpapakita . . . na Siya at ang Kanyang gawa ay patunay na Siya'y walang iba kundi yaong Manlilikha. Kumuha Siya ng pirasong tinapay at pinagputol-putol 'yun, at tuluy-tuloy na pinagputol-putol ang pirasong tinapay na 'yun, at pinakain ang limang libong katao mula roon; at may napulot pang pitong bakol na punung-puno ng mga pirasong lumabis, at ang bawat isa roon ay ganap na—na—nabusog sa tinapay na natanggap.

61 Kumuha Siya ng isda at pinagputol-putol ang isda. Ngayon kung bubulayin natin ay nilikha na Niya ang isdang 'yun sa pasimula pa lang. Nilikha na Niya maging 'yung tinapay sa pasimula pa lang. Pero haya't kinuha Niya ang isdang 'yun at pinagputol-putol ang isdang 'yun. Isang buhay na isda dati, at pinakuluan o—o prinito; at sa tuwing pinagpuputol-putol Niya 'yun, anuman ang pagkakaluto nun (pinakuluan o prinito), ay nabubuong muli ito (nang minuto ring 'yun na pinutol Niya ito) buong pinakuluan o prinitong isda uli. Hindi ba't kamanghamangha 'yun? Ipinapakita lang n'yan na Siya'y wala ngang iba kundi si Jehovah. At Siya nga'y yaong Manlilikha na kayang kunin ang Sarili Niyang nilikha, at sa pamamagitan ng nilikha Niyang 'yun, ay maipapamalas kung Sino Siya. Hallelujah! Pinatunayan nga n'yan na Siya'y kung Sino Siyang talaga. Siya ay Diyos. Kaya, naaangkop lamang ang ginto sa Kanya, nung ihandog 'yun noong ipinanganak Siya. Siya ay Diyos na nagsa-laman.

62 Baka may mabanggit po ako ritong ilang- . . . Wala naman sigurong iba rito sa atin ngayong gabi, sa pakiwari ko, kaya . . . dito sa pagtitipon natin sa pananalangin. Pero hayaan n'yong sabihin ko ang isang bagay na ito sa inyo. Si Jesus ba, noong narito pa Siya noon, . . . ? Ngayon, para pagnilayan natin ito, at hindi para . . . kunwarian . . . o kuwestyunin pala. Pansinin, para mapagnilayan natin, sabi ni Jesus, sa San Juan 14:12, "Ang sa Akin na sumasampalataya, ay gagawin din naman niya ang mga

gawang Aking ginagawa at lalong dakilang mga gawa kaysa rito ang gagawin niya, sapagkat Ako'y paroroon na sa Ama." Napansin n'yo ba? Pansinin, ngayon, ang Anak ng Diyos 'yan na nangangako sa mananampalataya, na lalong dakilang mga bagay kaysa sa ginawa Niya, (sa huling mga araw na ito) na ang mananampalataya'y lalong dakilang mga bagay ang gagawin kaysa sa Kanyang ginawa. San Juan, ika-14 na kabanata, ika-12 talata. Tama po ba? Naniniwala ba kayo na sinabi nga 'yan ni Jesus?

⁶³ Pansinin, noong lumikha si Jesus ng tinapay; kumuha Siya ng kapirasong tinapay, at lumikha ng tinapay na dati nang tinapay. Noong lumikha Siya ng isda; kumuha Siya ng isang isda na dati nang nilikhang isda noong una, at lumikha ng panibagong isda mula rito. Tama ba? Kumuha Siya ng tubig na napakalapit sa gagawing alak, at gumawa ng alak mula rito. Tama ba? Pero nakita natin Siya sa gitna natin, sa huling mga araw na ito, na basta na lang lumilikha ng mga bagay, mula sa wala! Tama ba? Lumikha ng isang squirrel kung saan walang pinanggalingang squirrel. Siyanga! Oh, Siya'y... nananatiling Diyos. Siya'y nananatiling Diyos ngayon kung papaano Siya noon at noon pa man, o kailanman. Siya'y nananatiling Diyos, at hinahamon ang mga puso para sampalatayanan ito, "Lalong dakilang mga bagay kaysa rito, ang inyo... nang walang kahit anong bagay na pagkukunan at pagpuputulan. Inyong salitain, at magkakagayon nga."

⁶⁴ Pansinin ngayon, nakita nga natin na sa Kanyang... Siya'y nakikilala. Ang mga gawang ginawa Niya ay nagpapakilala na Siya ay Diyos, ipinapakita Siyang talaga. Sapagkat sabi Niya, "Kung hindi Ko ginagawa ang mga gawa ng Aking Ama, kung gayon ay huwag ninyo Akong sampalatayanan."

⁶⁵ At hindi ba't nararapat lang naman na sabihin ng Cristiano ngayon na, "Kung hindi ko ginagawa ang mga gawa ng Aking Tagapagligtas, ay huwag ninyo akong paniwalaan"? Kita n'yo?

⁶⁶ "Kung paanong pagkasugo sa Akin ng Ama, ay gayon din sinusugo Ko kayo." At kung inyong ginawa ang mga gawa, mga gawang paglikha ng Ama na nagsugo sa Kanya, ibig sabihin bilang nilikha... Ng Cristo (na Manlilikha) na nagsugo sa atin, ay ginagawa natin ang mga gawa ni Cristo na Manlilikha. Kita n'yo? "Kung paanong pagkasugo sa Akin ng Ama, ay gayon din sinusugo Ko kayo. At kung hindi Ko ginagawa ang mga gawa ng Aking Ama, ay huwag ninyo Akong sampalatayanan."

⁶⁷ Kaya talagang ipamumuhay ng Cristiano ng panahong ito ang Buhay na ipinamuhay noon ni Cristo dahil kung hindi'y magkakaroon tayo ng karapatang sabihin, "Hindi pala totoo 'yun."

⁶⁸ Pansinin ngayon, ang Kanyang mga gawa'y nilikha Siya... o ipinakilala Siya na Manlilikha. Yaong mga gawang ginawa

Niya ay pagpuputong sa Kanyang patotoo ng buhay, na Siya talaga ang “Manlilikha”; walang paraan para pamalian nga ito. Kung kaya, noong naghandog sila ng kaloob na ginto, sila’y nakalinya nang husto sa Diyos dahil sa kanilang kaloob na ’yun. Hinandugan nila Siya ng ginto, na may pagkakakilanlang Siya’y Diyos. Sa tuwina ’yan kapag sinabing korona, gintong korona . . . gintong ulo, ni Haring Nabucodonosor. Sa tuwina, kita n’yo, haya’t . . . ang pagka-Diyos ay sa tuwina’y iniuugnay sa ginto.

⁶⁹ Ngayon: *kamangyan*. Bilisan na natin ito. Ang *kamangyan* ay ang “handog ng paglilingkod kay Jehovah.” Ngayon, kung gusto n’yong ilista ang mga Kasulatang ito, Levitico 2:2, at Levitico 16:6 hanggang 15. Makikita natin na nakasaad diyang ang pagkasaserdote, sila’y gumagawa dun ng paghahandog kay Jehovah. Kapag gumagawa ang saserdote ng paghahandog, ang ginagawa nila’y ’yung handog ay may kasamang kamangyan bilang handog dahil sa kasalanan, may kukunin silang ibang sangkap at ’yun ay ihahalo dun. Maging para sa handog-naharina, para sa handog-na-inalog, sinasamahan ng kamangyan. Dahil, kalugod-lugod ’yun kay Jehovah kung ’yun ay pinahiran ng *kamangyan*, na ang ibig ipahiwatig ay isang “paglilingkod kay Jehovah, na Diyos.” At, ngayon, nalaman na nating Siya’y Diyos. At ang pagdadala naman nila sa Kanya ng kamangyan, ay isang tipo na may paglilingkod Siya kay Jehovah. Si Jesus ay Lingkod ni Jehovah.

⁷⁰ Ngayon, doon sa San Mateo 12:15 hanggang sa 21, nalaman natin dun na Lingkod Siya ni Jehovah, “Narito ang Lingkod Ko, Na lubos Kong kinalulugdan” (at Siya nga) “at isasakanya Ko ang Aking kapangyarihan sa Kanya.” Kaya nga pinahiran talaga ng kamangyan ang buhay Niya, para sa paglilingkod kay Jehovah. Kamangha-mangha nga ’yung kaloob na ibinigay ng mga lalaking pantas na ’yun! Kita n’yo, bagay na bagay talaga . . . ’yung—’yung kaloob na ibinigay nila, ay isang bagay na talaga namang nagpapakilala kay Jesus bilang Lingkod ni Jehovah.

⁷¹ Ngayon kung magagawa lang sana natin ang gayundin, na may pagkakakilanlan ang mga buhay natin. Kita n’yo, ang mga buhay natin ay dapat na mapagkilalang mga lingkod nga tayo ni Jehovah. Yun nga ang gamit ng kamangyan, na nagpaging Lingkod Siya ni Jehovah.

⁷² Ngayon, ang mira, m-i-r-a, ay “ang pahid ng kamatayan.” Makikita natin sa San Juan, sa ika-19 na kabanata, sa ika-39 na talata, nung magtungo sa—sa gawaing paglilibing kay Jesus, magtungo sina Maria at ang iba pa, may dala silang mira para pahiran Siya nun; dahil Siya’y dapat Lingkod ng kamatayan para kay Jehovah. Kita n’yo? May dapat kasing mamatay. Isa ’yung paglilingkod na dapat maisagawa para sa Diyos, at wala ngang ibang karapat-dapat para magawa ’yun kundi ang Diyos

Mismo. Kaya, dala-dala 'yung mira—mira, na nagpapakitang sa pamamagitan ng Diyos, at ng paglilingkod, na Siya'y pinahiran din naman ng mira; na ang Diyos na ito'y kinakailangan na mamatay upang mailigtas ang isang hindi sakdal. Oh, napaka dakilang bagay talaga!

⁷³ Ang buong sangnilikha ay napahamak. Nadaanan na natin 'yan sa Mga Pitong Tatak. Kita n'yo, ang buong sangnilikha ay napahamak, ang lahat ng bagay ay nawala. Napunta ang lahat kay Satanas. Naging tagapagmana siya nito at kanya pa rin ito. Kanya nga. Yan ang dahilan kung bakit may paglalaban-laban tayo't nararanasan natin itong lahat ng kaguluhan. Kuntrolado kasi niya ang bawat kaharian; ni Satanas. Bawat pamahalaan, bawat hari, bawat kaharian, kuntrolado ni Satanas. At ang buong mundo'y kuntrolado at pinatatakbo ni Satanas. Yan ang dahilan kung bakit may mga kaguluhan na nararanasan tayo ngayon. Kahit sinong mag-aaral ng Biblia, o sino, masasabi sa inyo na si Satanas nga 'yan. . . Buweno, Mismong ang Biblia ay nagsasabi na ganun nga siya, kita n'yo, na kuntrolado niya ang sanlibutan. Pero magiging Tagapagmana nito si Cristo, dahil Siya'y naging ating Manunubos. At Siya nga'y naparito upang tubusin ang buong sangnilikha, at wala nang kahit sino ang makagagawa nito kundi ang Diyos Mismo.

⁷⁴ Yan nga ang dahilan kung bakit walang ibang ginagamit ang Diyos kundi ang tao lang. Sa tuwina'y gumagawa Siya sa pamamagitan ng tao dahil kinakailangan Niyang gumamit ng isang tao. Tao ang sa tuwina'y ginagamit Niya upang ipakita ang Kanyang katangian ng pagiging Tagapagligtas. Kanyang nilikha siya sa Kanyang larawan, ginawa siyang maging tulad Niya, at binigyan ng kalayaang magpasya sa kanyang sarili at hinayaang kumilos sa kahit anong naisin niya. May kakayahan siyang pumili. At alam nga Niya na ang tao, dahil nabigyan ng kakayahang pumili sa sarili, ay mahuhulog. Kaya yaman ngang ganun ang kailangan Niyang gawin, hayang bumabaling Siya't ginagamit ang tao bilang katuwang Niya, at hindi gagawa ng kahit na ano maliban na gawin Niya 'yun sa pamamagitan ng isang tao!

⁷⁵ Ang buong gawa ng pagtubos ay dumating sa pamamagitan ng tao! Hallelujah! Dumating ang kamatayan sa pamamagitan ng unang tao, dumating naman ang buhay sa pamamagitan ng ikalawang Adan. Kita n'yo? Hayan nga, hindi Siya gumawa noon dahil gagamit Siya ng tao para dun, haya't gumamit Siya ng isang tao upang muling matubos. Kaya ang Diyos ay naging si Jehovah, o, si Jehovah ay na-. . . Siya ang Diyos, at Siya'y naging isang—isang Bata. Siya'y nag-anyo sa kasalanan, upang sa ganoon ay matubos Niya ang makasalanan. Kita n'yo, 'yan ang buong nangyari.

⁷⁶ Ngayon, tingnan n'yo 'yan. . . napakaganda talaga ng mga kaloob na 'yan na akmang-akma talaga kay Jesus Cristo; kita

n'yo, 'yung ginto, nagsasaad ng Kanyang pagka-Diyos. Ngayon, 'yung mga pantas na 'yun ay hindi mga pagano. Kinasihian sila ng Diyos. Hindi lang sila gumagawa-gawa ng di naman totoo. Pinapatunayan diyan mismo, maging sa mga Pantas, na may nakita talaga silang Sobrenatural. Sapagkat 'yung sarili nila mismong kaloob, na inihandog nila, ay sadyang nagpapakilala at nagsasaad nang husto tungkol sa patotoo nila na talagang nakita nila 'yung Sobrenatural na Liwanag na 'yun. Sapagkat bakit? Akmang-akma ang pagkakasaad. Nagdala sila ng *ginto*, "pagka-Diyos." Nagdala sila nung *kamangyan*, "paglilingkod." At nagdala sila ng *mira*, para sa Kanyang "kamatayan," nung Sanggol pa lang Siya noon, amen, ipinapakita na ang Diyos ay mamamatay sa laman, amen, upang matubos sa ganoon ang taong nahulog sa kasalanan. Papaano pang matatanggihan 'yan ng mga tao?

⁷⁷ Kung pagbubulayan n'yo: Ano nga bang ginagawa natin dito? Saan ba tayo nagmula? O ano bang sadya natin at narito tayo? Hindi tayo inilagay rito nang nagkataon lang, inilagay tayo rito para sa isang layunin at kailangan nating gawin ang layuning 'yan. Subalit bumabalik pa rin tayo sa kaisipang 'yun na tatal malaya naman tayong makapagpapasya kung gagawin ba natin Ito o tatanggihan Ito, gaya nung ginawa ni Adan sa pasimula.

⁷⁸ Tinitingnan ko, itong mga kabataang dalagita rito, Kapatid na . . .Ano uli . . .? Sa palagay ko 'yung munting binibini rito 'yung tumugtog ng piyano, at akin—akin ngang pinakikinggan sila kanina habang sila'y umaawit. Pinag-uusapan namin sila, nung bumibiyaha pa lang kami papunta rito. Hayan nga ang isang munting pamilya na inilaan na ang buong buhay nila at lahat-lahat kay Cristo. Tingnan n'yo po ang naturang pamilya, kung gaanong kaayos sila. Tingnan n'yo 'yung mga kabataang dalagita. Narito po sila kanina't nakatayo, mismong—mismong halimbawa ng pagiging kabataang babae, o dalagita. At kahit ano pang . . .

⁷⁹ Mga ilang linggo na rin ang nakakaraan may pinuntahan akong parang . . .hindi ko alam 'yung pangalan nung lugar na 'yun dun, pero sa New York po ito, naroo't bawat kanto dun ay naglipana ang mga beatnik. Ngayon, 'yung mga dalagita nga roon ay—ay hapit na hapit talaga ang mga damit at—at halos wala silang suot kundi maliliit na parang bikini, gaya ng tawag nila dun, na ipinapatong lang nila sa suot nila. At, oh, sadyang sari- . . .Basta't maisipan nila'y ginagawa nila, kahit ano lang, kaya—kaya nga beatnik ang tawag sa kanila. Ginagawa nila kung anong gusto nila. Kung gusto nilang humilata dun, hindi bumangon, aba'y mahihiga lang sila't hindi tatayo. Kung may magustuhan silang puntahang lugar, gawin kung anong bagay, gagawin nga nila; kung ayaw nila, hindi nila gagawin. Kung saan-saan, kung saan-saan naglalakbay ang isip nila! At saan

nga hahantong ang isip na gaya nun na di-nabago? Wala nga kayong karapatang gawin 'yan, 'pagkat kayo'y di na sa inyong sarili; binili kayo ng Diyos, ni Jesus Cristo, na Anak ng Diyos na nagkatawang-tao. Pero, kita n'yo, sari-saring kalipunan ng kasalanan ang naroon!

⁸⁰ At tingnan n'yo nga may munting, mga kabataang dalagita na tatayo't maninindigan; haya't, para sa akin, liwanag 'yan sa panahon ng kadiliman. May sanga-sangang liwanag doon, na hugis zigzag na hagupit ng Diyos, sa kalangitan upang ipakita na maaaring magkaroon ng Liwanag! Maaaring magkaroon ng katuwiran sa gitna ng kasalanan!

⁸¹ Si Maria, na ina ni Jesus, sa bayan ng Nazaret, na pinaka masamang bayan sa lupain, pero mula roon ay pinili ng Diyos ang isang munting dalaga upang magsilang sa Kanyang Anak; isang magdadala, isang sinapupunan upang. . . sa pamamagitan nun ay maisilang ang isang Sanggol. Kinuha Niya 'yung tao na 'yun upang gawin 'yun. Gumagawa ang Diyos sa pamamagitan ng mga tao para tubusin ang mga tao. Maaari ngang gamitin ka Niya, gagawa sa pamamagitan mo para tubusin ang sangkatauhan, kung lubos mong maihahandog ang lahat-lahat mo.

⁸² Kung kabataang babae kayo, ihandog n'yo ang mabuting asal n'yo. Kung kabataang lalaki naman kayo, ihandog n'yo ang mabuting asal n'yo, ihandog n'yo ang isipan n'yo, ihandog n'yo ang diwa n'yo, ihandog n'yo ang puso n'yo, ihandog n'yo ang kaluluwa n'yo, ihandog n'yo ang lahat ng mayroon kayo! At hayaan n'yo ngang kumilos si Cristo sa pamamagitan n'yan. Napakamaluwalhati nga! Nariyan ang mga ilog n'yo, nariyan ang—ang mga tulay na tatawirin, nariyan ang inyong—inyong mga dawagan, nariyan ang masusukal na dako n'yo, nariyan ang mga kakahuyan n'yo, nariyan ang madidilim na dako n'yo, nariyan ang matataas na burol n'yo, nariyan ang matataas na akyatin n'yo. Anong gagawin n'yo pagkatapos? Darating ang araw na tatayo kayo at lilingunin, tatanawin ang mga dakong 'yan na dinaanan n'yo, at kayo'y hahatulan batay sa daang tinahak n'yo. Kaya't ilagay n'yo na ang lahat n'yong—n'yong, diwa at mga iniisip, sa Tala ng Hilaga (ang sentro ng Diyos) at huwag kayong lalayo mula Rito. Manatili kayo mismo Rito. Dadalhin kayo Nito nang diretso gaya ng ginawa Nito sa mga Pantas, diretso mismo kay Cristo.

⁸³ Buweno, pinahiran Siya ng mira. Nalaman natin ngayon, sa Juan 12:1 at 7, na ganoon nga mismo ang ginawa Niya. Siya'y angkop na angkop na Lingkod ng Diyos, at pinahiran Siya ng lahat nitong Makalangit Niyang mga kaloob. Pinahiran Siya ng lahat nitong mga kaloob ng Diyos sapagkat Siya yaong Diyos. Siya ang Diyos. Kita n'yo, dinalhan *nila* Siya ng mga kaloob.

84 Ngayon, tayo nga'y . . . kung magagawa ko lang . . . May mga tao kasi rito sa tuwina, marami nga sa kanila, alam n'yo, sila'y magpapadala sa iyo ng mga bagay-bagay. Ngayon, pagdating naman sa magpapadala ka rin pabalik sa kanila, hindi ko na po magawa. Kita n'yo? May mga galing pa sa buong mundo. Kaya di ko tuloy magawa. At pinasasalamat ko ang munting . . . munting mga bagay na 'yan, at ang mga bagay na ginagawa ng mga tao upang ipahayag ang mga saloobin nila at ang kanilang pasasalamat at iba pa.

85 Ngayon, ito nga ang ginawa ng mga mayayamang lalaking ito. Ang mga lalaking ito'y mga Pantas, nagdala sila ng ginto, purong ginto. Nagdala rin sila nung kamangyan, 'yung pinaka mainam na matatagpuan nila. Nagdala rin sila ng mira, 'yung pinaka mainam na matatagpuan nila.

86 Napag-uunawa natin sa dako rito, sa San Juan 12, nalaman natin na ang babaing ito . . . kung sana'y may oras pa tayo para basahin ito, pero ayaw kong patagalin kayo, kita n'yo, dahil alam kong Lunes pa bukas, at kayo nga'y . . . ang ilan sa inyo ay kailangan pang magtrabaho. Tingnan n'yo, sila'y nagdala . . . Ang—ang babaing ito'y nagdala ng mira, na isang mamahaling pamahid, na nakakatanggal ng amoy ng kamatayan. At binasag niya ang sisidlang alabastrong 'yun at ibinuhos ang laman nun sa ulo ni Jesus. At sabi ni Judas, "Aba, ang dapat ay ibinigay na lang 'yan sana sa mga dukha." (Sabi, "Hindi dahil sa may malasakit siya sa mga dukha, kundi isa siyang magnanakaw sa simula't sapul, siya 'yung nagdadala ng pera.") At sabi, "Dapat sana'y ipinagbili na lang ito, sa halip na ibinuhos . . ."

87 At sabi ni Jesus, "Pabayaang ninyo siya! Sapagkat kanyang ginawa ito . . ." Pinahiran Siya nung babae, para ipahiwatig ang Kanyang paglilibing. Kita n'yo? Ang babaing ito, ganoon na lamang ang kanyang pasasalamat dahil ang kanyang mga kasalanan ay pinatawad kaya't inubos niya ang lahat ng pera niya, at kinuha 'yung sisidlang alabastro at binasag 'yun at ibinuhos ang langis at kumalat sa buong silid ang mabangong samyo ng mirang ito, na ipinahid ng babaing ito sa Kanya para sa Kanyang kamatayan. Ngayon, kita n'yo, ginawa ng babaing ito 'yung naturang paglilingkod na 'yun nang di namamalayan kung ano nga ba 'yung ginawa niyang 'yun, ngunit ganoon na lamang kalaki ang pasasalamat niya sa Diyos.

88 At kung ganoon na lamang ang pasasalamat n'yo para sa Pasko, hindi n'yo sasabihing, "Binigyan ko—ko ang mga Jones ng regalo; at binigyan din nila ako ng regalo, titingnan ko kung anong natanggap ko kinaumagahan." Bakit imbis na 'yun ay di mo buksan ang puso mo't tingnan kung anong nariyan, alamin mo kung anong mayroon ka *riyan*. At tanggapin . . . na kung makita nating wala itong laman, na panay negatibong kredito at—at mga pagsusumakit ng sanlibutan lang ang laman, bakit di

mo hilingin kay Cristo na punan ito ngayong gabi? Ngayong gabi, upang makuha mo ang tunay na kahulugan ng Pasko. Na ito'y—ito'y si Cristo sa inyo; ang Diyos, na nananahan sa puso ng tao. Yun talaga ang kahulugan ng tunay na Pasko.

⁸⁹ Pero, nakita n'yo, ngayon panay sa negatibo tayo nakatuon. Natangay tayo ng diyablo sa ganito, (iba't ibang kulay na mga kending hugis baston, at may—at may usang reno pa at may—at may balbas-sarado pang lalaki, at lumilipad sa ere na parang eroplano, at bumibisi-bisita raw sa buong mundo at bawat tahanan na may sukbit-sukbit siyang sako ng mga laruan sa kanyang likod, at binibisita raw ang bawat bata) at ito'y—ito'y kasinungalingan! Ito'y, tahasang, kasinungalingan. Kita n'yo? Ngayon, kita n'yo? Pero bakit? Ginawa 'yun ng diyablo para pilipitin ang isip ng mga tao.

⁹⁰ Pinasok ito ng daigdig ng komersiyo at kanilang. . .Aba, malaki-laki ang kinikita nila kapag panahon ng Kapaskuhan na kahit magpahinga na nga lang sila sa buong santaon, halos. May nakausap akong isang negosyante noong isang araw, sabi niya, “Ibigay mo lang sa akin itong dalawang linggong ito, at kung hindi lang kailangang panatilihing may hanapbuhay ang mga tauhan ko rito,” sabi, “maghihintay na lang ako hanggang sa mag-Pasko uli; puwede naman akong mamingwit-mingwit na lang, gagawin ko ang gusto ko, hanggang sa mag-Pasko uli.” Sabi niya, “Pero tuluy-tuloy lang ako para may hanapbuhay ang mga tauhan ko.” Sabi, “Narito sila para may tumao lang sa negosyo ko't doon din—doon din ko kasi kinukuha ang suweldo ko sa kanila't iba pang gastos.” Sabi, “Wala nga akong kinikita kung tutuusin hanggang—hanggang sa dumating ang araw ng Pasko.” Nakita n'yo, naging komersiyo-komersiyo na lang ang kalakaran na dapat sana'y pagsamba; isang pagsamba.

⁹¹ Ngayon, ang Diyos, lubos na pinahiran si Jesus ng buong kapuspusan ng Kanyang Sarili hanggang sa. . . Siya ang naging Kaloob ng Diyos sa sanlibutan. Haya't ang mga lalaking pantas ay malinaw ang pagkakakilanlan nila, kaya't sa paghahandog nila ng kanilang kaloob sa Kanya; ipinapakita lang n'yan na sa kanilang puso'y batid nila kung sino talaga Siya, at kung ano ang gagawin Niya para sa kanila. Kaya (di na nakapagtataka) ang unang bagay na ginawa nila, nagpatirapa sila, na angkop namang bagay na gawin, at sumamba sa Kanya. Bago pa man nila maunawaan 'yun, nagpatirapa sila't sumamba sa Kanya at saka naghandog ng kanilang mga handog. Ganoon nga dapat ipinagdiriwang ang tunay na Pasko: sambahin Siya, at tapos ihandog ang inyong alay; na inihahandog ang inyong katawan bilang haing buhay, na banal at kaaya-aya sa Diyos.

⁹² Pero alam n'yo ba, pagkatapos na gawin 'yun nung mga lalaking pantas? Ang ama't ina ni Cristo. . . ang ama-amahan (siyempre po) at gayundin ang ina, dahil Diyos ang kapwa Niya

ama't ina. Pero nalaman natin dito na tinanggap nila ang mga handog na ito mula sa mga lalaking pantas. Di na kataka-taka na tinawag silang mga lalaking pantas. Pantas talaga sila. Sila nga'y . . . may angking karunungan. Kung ang mga tao ngayon ay magiging marunong lang, magiging marunong! Mga taong may karunungan lamang kasi ang may pagnanais na makalapit kay Cristo. Ang taong lumalayo nga sa Kanya ay taong walang karunungan. Pero kung may karunungan talaga ang tao, lalapit nga siya kay Cristo.

⁹³ Ngayon pansinin! At pagkatapos nun ipinakilala Siya ng mga lalaking pantas kung magiging ano Siya, at nalaman natin sa Kasulatan na naging ganoon nga Siya: Diyos na naglingkod para mamatay. Para saan? Diyos na naglingkod sa Diyos para mamatay. Si Jesus ay ang Diyos na naglingkod para mamatay, para tubusin ang sanlibutan. Pero anong ginawa ng sanlibutan Dito? Inayawan nila Ito. Tinanggihan nila Ito. Bakit? Ang ilan sa kanila, karamihan sa kanila, ginawa nila 'yan dahil ganito raw: dahil namatay nga Siya! Sabi nila, "Hindi Siya maaaring maging Diyos at tapos mamamatay." Ang Tao (ang katawan) ay hindi pagka-Diyos, pero Diyos 'yung nasa katawan na 'yun. Ang katawang ito'y nakatakda ngang mamatay. Ang mismong Cristo na nasa inyo ang tanging bagay na makapagbabangon sa inyo. Yun nga ang Diyos, ang Diyos na nasa inyo.

⁹⁴ Ngayon, pansinin! Ngayon, ganyang-ganyan nga hanggang ngayon, tinatanggihan nila ang ipinakilalang Diyos. Nakukuha n'yo po ba? Oo nga't inililista nila ang pangalan nila sa aklat ng simbahan at sasabihin, "Sisikapin kong ipamuhay ang kredong ito." Manunumpa sila ng ganoon. Pero pagdating sa pagtanggap sa Diyos, na ipinapahayag 'yung katulad doon sa handog na ikinaloob nila noon. . . na haya't nakikilala kayo sa pamamagitan ng handog n'yo, na naipagkakaloob n'yo nga ang buong katauhan n'yo Rito, para sa ipinakilalang Diyos na ito. Sa gayon ay may pagkakakilanlan ka ng iyong sarili sa Diyos, sa pamamagitan ng pagbibigay ng lahat ng ikaw, kung ano ka, sa Diyos Mismo.

⁹⁵ Ngayon, si Cristo sa panahong ito, na ating kinabubuhayan ngayon, ay ang siya pa ring Diy- . . . ipinakikilala ang Sariling: Diyos, sa gitna ng mga tao. Siya'y nananatiling Diyos pa rin, dahil Siya ang Salita. At sa tuwing nakikita natin ang Salita na ibinubuhay ang Sarili, ay batid nating di 'yun kayang gawin ng tao. Diyos 'yun, ang Salita na nahayag sa pamamagitan ng tao. At si Jesus Mismo ang may sabi, "Hindi makagagawa ang Anak ng anuman sa Kanyang Sarili. Hindi Ako makagagawa ng anuman, isa Akong Tao," sabi ni Jesus. "Kundi ang Aking Ama na tumatahan sa Akin, ipinakikita Niya sa Akin ang lahat ng mga bagay na Kanyang ginagawa." Amen! Hayan na nga! Ano 'yun? Ang Diyos na napagkikilanlan sa tao. Ngayon, ganyan na ganyan din hanggang ngayon; yaong Diyos, ang ipinangakong

Salita para sa panahong ito, mapagkikilanlan Nito ang Sarili diyen sa inyo. Amen! Kaya naman ibigay n'yo na ang buong-buo n'yo Rito. Ipakita n'yo na nananampalataya talaga kayo Rito. Ihandog n'yo Rito sa Diyos: sumampalataya kayo Rito, bilang paglilingkod, at maging handa na mamatay sa inyong sarili at sa inyong sariling kaisipan. Pero ngayon tinatanggihan Ito kung papaanong tinatanggihan Ito noon.

⁹⁶ Pansinin, pinatnubayan ng Diyos ang mga Pantas na may dala-dala ng mga kaloob na 'yun. Sa loob ng halos dalawang taon, sumunod-sunod sila sa Bituwin. Kita n'yo? At ipinakikita lang n'yan na di Iyon maaaring natural lang na pangyayaring naganap. Kita n'yo? Dahil kung ang mga bituwin, sa pagtahak nila sa tinatahak nilang daan, ay makadaan na, iba na sana ang makikita roon sa itaas. Dahil. . . malibang nakita Ito nung mga Pantas, nang matagal nang panahon bago pa 'yun nangyari, at nalaman nilang sa ganitong daan sila dadaan; kita n'yo, sa mga daanang tinahak nung mga bituwin. At makarating sila dun sa Betlehem sa mga panahon ding 'yun, galing sa malayong dako, na alam na 'yun noon pa, dahil nalaman nila kung saan dadaan 'yung mga talang 'yun sa kalawakan.

⁹⁷ Ngayon, pinatnubayan ng Diyos ang mga Pantas dahil dala nila ang tamang mga kaloob. Pinatnubayan ng Diyos ang mga lalaking pantas dahil dala nila ang tamang pagkakakilanlang kaloob para mapagkilala ang Kanyang Anak. Ooooooh, grabe! Nakukuha n'yo po ba? Mga lalaking pantas ng panahong ito, magsibangon kayo sa Pangalan ng Panginoon, at hindi sa kung anu-anong kathang-isip na mga bagay na 'yan, kundi sa kaloob na ipinangako ng Diyos para sa panahong ito, at kayo nga'y papatnubayan ng Diyos para mapagkilala na si Jesus Cristo ay siya pa ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. Hayan nga: mga lalaking pantas!

⁹⁸ Pinatnubayan ng Diyos ang mga kaloob na 'yun dahil ang mga 'yun ay mga kaloob na nagpapakilala sa Kanya. Mga lalaking pantas, ng panahong ito, na nakatitingin palayo mula sa pagiging makaiglesya at lahat ng mga bagay ng sanlibutan, at tumutuon sa Buhay na Salita ng Diyos! At ipakikilala ng Diyos ang Kanyang Anak sa pamamagitan nitong Kanyang Salita, sapagkat Iyon talaga Siya. "Ako at ang Aking Ama ay iisa." At, "Sa pasimula ay ang Salita, at ang Salita ay sumasa Diyos, at ang Salita ay Diyos. At ang Salita ay nagkatawagng tao at tumahan sa gitna natin." At ang siya ring Salita ngayon, Siya'y siya ring kahapon, ngayon at magpakailanman. At ang isang lalaking pantas ay sumusunod Dito, dahil iniingatan Ito ng Diyos para maipakilala ang Kanyang Sarili sa pamamagitan Nito. Amen! Isang kaloob! Isang tunay, na mapagkikilalang kaloob ng Diyos, pinatnubayan ito ng Diyos na ganap talagang magkaganoon, upang ipakilala ang Sarili Niya sa pamamagitan nito.

⁹⁹ At sa ganoong paraan ipinakilala si Cristo: sa pamamagitan ng ginto, mira, at kamangyan, sa pamamagitan ng mga lalaking 'yun na paunang ipinakikilala na't ipinakita sa tipo kung ano ang Kanyang magiging buhay. Kita n'yo? Ang Diyos nahayag para sa paglilingkod, upang mamatay nang sa gayon matubos Niya ang bansa, dahil Kanyang "ililigtas ang Kanyang bayan sa kanilang kasalanan." Hindi iligtas ang mundo, iligtas ang Kanyang bayan sa *kanilang* kasalanan. Ang sabi ng Biblia rito, "Sapagkat sa—sa Kanyang Pangalan ay aasa ang mga Gentil." Kita n'yo? Aasa sa Kanyang Pangalan ang mga Gentil. Amen! Sa madaling sabi, ang Nobya, ang *tinawag-palabas* na mga Gentil, ay aasa sila sa Pangalan ni Jesus Cristo, "sa Kanyang Pangalan ay aasa ang mga Gentil." Ngayon, pinatnubayan sila ng Diyos, dahil sila'y . . . 'yung mga kaloob nila na kanilang inihahandog, ay akmang-akma sa panahon.

¹⁰⁰ Pansinin! Gaya ng nasabi ko na, ang Diyos ay . . . Kanyang—Kanyang pinagbaha-bahagi ang Kanyang Salita sa pasimula, sa Genesis. Maaari ko ngang talakayin ang Genesis at ipakita sa inyo ang bawat kapanahunan diyan sa Biblia, hanggang sa panahon ngayon dito. Ang lahat ng mga kulto at mga bagay na mayroon tayo ngayon, maipapakita ko sa inyo kung nasaan sila sa Genesis. Kita n'yo?

¹⁰¹ Nagbahagi ang Diyos ng Kanyang Salita sa ganitong sukat *dito*, ganitong sukat *dito*, ganitong sukat *dito*, para sa bawat kapanahunan. At pagkatapos nagsugo Siya ng isang propeta, na pinahiran para isakatuparan ang Salita, at pinatotohanan nito ang siyang isa pa na parating. Kita n'yo, gaya ng Mesiyas, na sa tuwina'y pinatotohanan. Bawat propeta sa sarili niyang buhay, sarili niyang katauhan, ang Salitang ibinigay para sa kapanahunang 'yan, dumating siya at isinakatuparan yaong Salitang 'yun na nasusulat at kanyang pauna nang sinabi kung magiging ano yaong isa pa. At bawat isa sa kanila'y nangusap patungkol sa Kanya (amen) 'pagkat Siya ang kapuspusan, Siya ang Ulo ng mga propeta, Siya ang Salita ng Diyos, Siya ang mga propeta. Amen! Hayan nga Siya. Pansinin! Kamangha-mangha talaga kung ano Siya: na bawat isa sa mga propetang 'yun.

¹⁰² Kaya naman noong dumating Siya, Siya ang kapuspusan ng lahat ng mga propeta, na nahayag; 'pagkat sila ang Salita ng Panginoon, at Siya Mismo ang may sabi, "Kung tinatawag n'yo na mga diyos, yaong mga dinatnan ng Salita ng Diyos, papaano n'yo hahatulang namumusong Ako sa sinasabi kong 'Ako ang Anak ng Diyos?'" Kita n'yo, maging sila sa panahong 'yun ay may pagkakakilanlang mga diyos, tinawag nga sila ng Diyos, Mismo, na "mga diyos." Ano sila? Sila'y mga kahayagan ng Kanyang Salita. At heto Siya, ang kapuspusan ng Salita, Diyos na nagsakatawan, Diyos na nahayag sa laman.

¹⁰³ Masdan! Haya't ang mga kaloob na ito, na dinala ng mga lalaking ito, hindi nila maaaring dalhin 'yun sa kung sinong

propeta. Hindi tutugma. Kita n'yo? Hindi maaaring madala ang mga kaloob na 'yun kay Elias, hindi maaaring madala 'yun kay Moises, sa Kanya dapat madala. At ang mga kaloob na 'yun ay mahigpit na nakalaan lamang para sa araw na 'yun, at para sa pagpapakilala kung Sino Siya sa pamamagitan ng mga kaloob na 'yun, kaya naman nariyan ang Diyos na iningatan Siya. At pinatnubayan sila, sa loob ng dalawang taon ng paglalakbay dun, hanggang sa masumpungan nila ang Sakdal na Liwanag. Akmang-akma nga talaga!

¹⁰⁴ Ganyan din sa panahon ngayon. May mga tao tayo riyan na sadya talagang matatapat, mababait na mga tao, totoong mga tao. Pero, nakita n'yo, doon, may bagay na lilitaw, na sa tuwina ay ginagawa ng Diyos, para ipakilala ang araw na ito. Ito nga ang araw kung kailan ang mga bagay na ito ay sinalita upang maganap. Hindi magiging marami, kaunting, kaunti lang ang maliligtas. Sinabi 'yan ng Biblia. Kakaunti lang.

¹⁰⁵ Sinabi ni Jesus Mismo, “Kung papaano ang nangyari sa panahon ni Noe, kung saan walong kaluluwa ang naligtas.” Wawalong kaluluwa lang, mula sa isang–isang henerasyon na inihalintulad dito sa ngayon. “Kung papaano ang nangyari sa panahon ni Noe.” Ano 'yun? Mga dakila't, aral na mga tao, mahuhusay na tagapaggawa, mahuhusay na tagapagtayo, dakilang lahat ang taglay-taglay nila noon. Katulad na katulad dun ang sibilisasyong ito na itinatag nila ngayon, may mga dakilang bagay rin na taglay nila noon. “At kung papaano ang nangyari sa panahon ni Noe, ay gayundin ang mangyayari sa pagparito ng Anak ng Tao.” Kita n'yo? At ginamit ng Diyos si Noe upang maipakilala ang Kanyang ipinangakong Salita. Tumugma talaga. Tumugma ang daong sa Salita ng Diyos na ipinangusap niya, na Kanyang lilipulin ang sangkatauhan. Pero iniligtas niya ang kaya niyang mailigtas.

¹⁰⁶ Ngayon, ang mga lalaking pantas na ito, na dala-dala ang kanilang mga kaloob, ay may pagkakakilanlan. Ipinakilala ng mga kaloob nila kung ano Ito, at 'yun ang dahilan kung kaya iningatan ng Diyos ang mga kaloob na ito sa bawat naging pagkilos nila. Iningatan Niya Ito hanggang sa makarating sila na dala-dala ang mga kaloob na ito, sapagkat ang mga ito'y akmang-akma para sa panahong 'yun. Nauunawaan ba 'yan ng iglesya ko? Na nagaganap na 'yan ngayon! Umaasa akong di lang ito lampas-lampasan sa ibabaw ng ulo n'yo. Kailangan ko itong salitain na parang patalinghaga, halos, kita n'yo. Pero nakikita n'yo na ba? May mga bagay na nagaganap na akma para sa panahong ito, ng Laodicea. Akma na itong panahon, 'yan ang dahilan kung bakit iningatan Ito ng Diyos. Kita n'yo, dinala Ito mismo sa panahon ngayon para ipakilala ang Kanyang Sarili. Ang mga kaloob, bagama't kamatayan ang naging kabayaran, ay naging katitisan sa kanilang daan. Akma na ang panahon, siyanga, akma na sa araw na ito. Iyon ang dahilan kung bakit

iningatan Ito ng Diyos, sa paraang iningatan Siya. Iingatan Niya Ito, hanggang sa maisakatuparan ang layunin Niya.

¹⁰⁷ Oh, may nabasa akong isang kuwento, pumasok lang kani-kanina sa isip ko, na may kaugnayan sa pinag-uusapan natin. May isang malaking bayan, dito sa bansa, at . . . New York. At bisperas noon ng Pasko. At may isang maralitang pamilya dun. Yung munting tatay, may TB siya, at siya'y . . . at ang maybahay niya'y may TB. Salat sila sa mga bagay sa buhay. At siya'y—siya'y mistulang . . . Siya'y mahina ang pangangatawan at kaya naman walang kumukuha sa kanya para magtrabaho. Wala rin siyang pinag-aralan, at siya'y—siya'y . . . di siya gustong kunin ng mga tao.

¹⁰⁸ Isa siyang tinatakuwil sa lipunan, naging palaboy. Isang ano lang . . . alam n'yo naman kung ano 'yung palaboy, kung saan-saan palipat-lipat ng puwesto at—at namumulot ng kung anu-ano, at inilalako 'yun at kung ano lang ang kitain dun; kung ano lang ang kakarampot na kita nila dun, pinagkakasya nila para makaraos sa buhay. Isang ano lang . . . naglalako-lako lang o parang ganun, sa lansangan; bibili sila ng mga aspili at mga karayom at mga didal, at kung ano lang ang makayanan nilang bilhin. At—at dadalhin nila 'yun, at—at siguro'y isang pakete ay isang sentimos, at tapos ilalako nila nang singko sentimos, at kaya apat na sentimo kada pakete ang kita, at maghapon nang kita 'yun. Sasabihin n'yo, “Malaki-laking kita na—na rin 'yun.” Pero isipin n'yo, aabutin ng maghapon bago niya mailako lahat 'yun. Baka nasa dalawampu, tatlumpung sentimos lang ang kinikita niya sa maghapon, at may pamilya pa siya.

¹⁰⁹ At 'yung—'yung munting maybahay niya, dahil sa mahina ang pangangatawan, siya'y—siya'y namatay.

¹¹⁰ At malapit na noong sumapit ang Kapaskuhan. At 'yung maliit pa niyang anak na babae, nagkaroon tuloy ng . . . dahil sa malnutrisyon, dahil hindi husto ang pagkain at bagay-bagay; nagkaroon siya ng TB, din. At siya ay maliit ngang bata, at nasa walo, siyam na taong gulang, sampu. At di pa siya kahit kailan nakakatanggap ng manika tuwing sasapit ang Pasko. At 'yun talaga ang gustong-gusto niyang regalo, isang manika.

¹¹¹ At 'yung tatay, hindi niya kayang maipadoktor 'yung anak niyang babae at may iba pang bagay, tapos . . . napansin niya—niya na malapit ng bumigay ang munti niyang anak na babae, at kaya sinikap niya sa abot ng makakaya niya na—na—na makapagtabi ng sapat na pera para maikuha 'yung anak niya ng manika para sa Pasko; kung makapagtatabi lamang siya ng sapat na pera para mabilhan 'yung bata ng munting manika! At mangyaring papalapit na ang Pasko, sumasama na rin ang panahon, 'yung munting bata tuloy ay nagsimulang magkaroon ng kung anong pulmonya, at—at namatay siya, ilang linggo na lang sana at Pasko na. At 'yung tatay, siyempre, hinagpis na

hinagpis, pinuntahan niya 'yung munting lata niyang alkansya at inilabas 'yung pera. At naisip niya 'yung munti niyang anak, at ganoon na lamang ang kagustuhan nito noong magkaroon ng isang—isang manika gaya ng kahit sinong batang babae. Kita n'yo, nasa mga babae na kasi ang pagiging nanay kahit maliliit pa.

¹¹² Napapansin n'yo ba ang mga batang babae, manika talaga ang pinupuntahan, dahil siya'y . . . kalikasan niya 'yun, siya'y—siya'y magiging nanay balang araw. Siya'y magiging ina balang araw kung aabot pa ang buhay niya dun at lahat na. Alam n'yo po, kalikasan na niya talaga. Yun ang dahilan kung bakit gusto ng isang batang babae ang munting manika, gustong-gusto niya kasi itong alagaan; 'pagkat hayan nga, siya—siya'y isang maliit na, di pa man ngayon, isang—isang—isang maliit na ina.

¹¹³ At gustong-gusto niya talagang magkaroon ng munting manika, at di pa kasi siya nagkakaroon ng ganun kahit kailan. At sinikap ni Tatay na makapag-ipon nang husto sa abot ng makakaya niya para—para maikuha siya ng munting manika. At, mangyaring, namatay naman siya.

¹¹⁴ At para bang naging tuliro ang pag-iisip nung tatay. Yung maybahay niya'y kinuha na, pati munting anak niyang babae, ang pag-iisip niya'y para bang humantong na sa kalagayan na kanyang—kanyang . . . na sa kanyang—kanyang paghiga tuwing gabi ay kinakausap niya ang munting anak niya, bagamat siya ay . . . nailibing na. Pero sa isip niya ay talagang—ay talagang nakikipag-usap siya sa anak niya, at sinasabi niya sa kanya, “Ngayon, Iha Anak, di na magtatagal, at maikukuha ka na ni Tatay ng manika ngayong Pasko. At—at pangako 'yan ni Tatay sa'yo itong manikang ito, at aking—aking—aking kukunin ito.”

¹¹⁵ Sa wakas, dumating na ang Pasko. At, siyempre, alam n'yo naman kapag sasapit na 'yun. Yung mayayaman sila'y—sila'y may magagarbong kasiyahan; at—at nagliliwanag nang husto ang mga kandila, at may pamisa de gallo sa mga simbahan, at pinag-uusapan nila dun si Jesus at—at kung anu-ano pa (dun sa mga simbahan), at marami silang kung anu-anong ginagawa sa misa, at nagsisi-awitan, at may karoling at lahat na. Wala silang kamalay-malay dun sa nangyayari sa may eskinita, sa likod ng lahat ng ito.

¹¹⁶ Naroon 'yung munting lalaki, at nawala na siya sa kanyang sarili. Gustong-gusto niya talagang magkaroon ng manika ang maliit niyang anak na babae, 'pagkat 'yun talaga noon pa man ang hinihingi nito sa kanya. Kaya lumabas siya't binilhan siya ng isang munting manikang de trapo, isang munting—isang munting bagay, siguro'y nasa mga tatlumpung sentimo; isang maruming bagay na nabili niya, sa gilid-gilid ng kalsada. At talagang napakalamig nung gabing 'yun, at—at—at bumabagyo

ng niyebe, at bumubuhos nang husto ang niyebe roon; at 'yung New York, tabi pa man din ng baybayin.

¹¹⁷ At punung-puno ang mga lansangan noon; at ang mga tao'y sakay-sakay sa kanilang naggagandaha't, naglalakihang mga limousine. At naglipana ang paglalasing sa mga kasiyahan dun, nag-iinuman ang mga tao, ang pagdiriwang ng kapanganakan ni Cristo at ng mga bagay na pinag-uusapan natin ngayong gabi, iniisip nilang ganoon 'yun ipinagdiriwang; na idinadaan nila sa pag-iinom upang mapawi ang kanilang kalumbayan at mga bagay-bagay, at ganoon—ganoon ang alam nilang paraan ng pagdiriwang nun. Lahat sila . . .

¹¹⁸ Nakatayo ako sa may tindahan, noong isang araw, at may babae dun na ang sabi . . . dalawang dalaga sila dun na nagkita at gusto nilang malaman kung anong ibinili nila para sa tatay nila. At sabi nung isa sa kanila, "Buweno, siya . . ." Ibinili nung dalaga 'yung tatay niya ng isang kaha ng kung anong sigarilyo. At ang sabi naman nung isa pa'y ibinili naman niya ang tatay niya ng uno quintong wisiki at isang—at isang—at isang kahon ng baraha. Ngayon hindi talaga 'yan ang naaangkop na regalo para gunitahin ang kapanganakan ng Panginoong Jesus Cristo! At ang kaso ganoon ang kinagawian, kita n'yo, isang malaking buntong lang ng kumukuti-kutitap na bagay. Ni wala ang tunay na diwa ng Pasko.

¹¹⁹ At heto nga't nakita natin ngayon, ang hamak na lalaking ito, kung saan-saan siya napadpad. At batid niya sa puso niya na wala na ang munti niyang anak na babae, pero nagpunta pa rin siya't binili 'yung manika. At naisip niya, "Maglalakad-lakad lang ako, matatagpuan ko rin siya sa kung saan. Narito lang siya sa may lansangan dito at matatagpuan ko siya." At nagsimula na siyang maglakad-lakad.

¹²⁰ At di niya—di niya madadaya ang kanyang sarili, wala na ang kanyang anak sa maliit nilang barung-barong at sa maliit nilang, tagpi-tagping, maruming kama; kundi, nakalibing na. Haya't, alam naman niya—niya 'yun. Iniisip niyang makikita niya ang anak niya sa lansangan. Sabi niya, "Basta maglalakad lang ako nang maglalakad." At dumaan siya sa mga eskinita, habang nag-aawitan ang mga tao ng mga himig pamasko at patuloy sa ganun. At nagdaan siya sa eskinita, kipkip-kipkip itong munti't, maruming manika; yakap-yakap ito sa kanyang balabal na pangginaw, sa may puso niya, habang minumuni-muni ang kanyang munting anak.

¹²¹ At mangyaring may nakakita sa kanyang isang pulis, at 'yung pulis mismo'y nakainom nang kaunti, at sumunod 'yung naturang pulis sa eskinita at sinunggaban 'yung matandang lalaki't pinaharap. Sabi nung pulis, "Anong ginagawa mo't palaboy-laboy ka rito?"

122 Sabi niya, “Dadalhin ko lang itong munting manikang ito, ginoo, sa munti kong anak na babae.”

123 Sabi nung pulis, “Buweno, saan ka ba nakatira?” Sinabi niya kung saan siya nakatira. Sabi nito, “Buweno, papalayo itong nilalakad mo, lasing ka na yata. Bumalik ka rito sa daang ito sa kabila.”

124 Sabi, “Ginoo, di ako—di ako lasing. Nangako ako sa munti kong anak na ibibili ko—ko siya ng regalo para sa Pasko.” At sabi, “Ang naaangkop na regalo para sa isang munting batang babae’y isang munting manika.”

125 At sabi nung pulis, “Patingin nga.” Kaya ipinakita nitong lalaki ’yung munti’t, may kadumihang, manikang de trapo. At kipkip-kipkip niya ’yun sa may . . . malapit sa kanyang dibdib, yakap-yakap ’yung munting manikang ’yun habang siya’y . . . Ang nangyari nga’y ’yung pulis, dahil medyo lasing, na rin, ay itinulak siya’t pinabalik sa ibang daan. Naglakad sa eskinita ’yung matandang lalaki, at mabilis ang pagbagsak ng niyebe noon.

126 At, buweno, natapos na ’yung mga kasiyahan nung hating-gabing ’yun. Nung sumunod na umaga, tumila na ang niyebe, sumikat na ang araw. At kaya ’yung mga tao . . . ’yung lahat ng mga nagsidalò sa naglalakiha’t mabunyi nilang kasiyahan . . . may mga supot na ng yelo na nakapatong sa kanilang ulo, dahil sa labis na paglalasing at pagdiriwang ng—ng kapanganakan ni Cristo. At—at marami sa kanila ang minalat sa pagsasaya, sa lahat ng katuwaan.

127 Pero sa isang dako sa may eskinita, natagpuan nila dun ang matandang lalaki. At nung itinihaya nila siya, ’yung munting manika’y nakakipkip malapit sa kanyang puso. Sa palagay ko’y nadala na ng lalaking ito ang kanyang regalo sa kanyang anak na babae. Natagpuan niya siya sa isang Lupain na hindi rito. Kanyang—kanyang—kanyang nadala ang regalo. Isa ’yung naaangkop na regalo. (Diyos, mahabagin.) Gayong kamatayan niya ang naging kapalit. Wala nang iba pang paraan sa mundo para maibigay niya sa anak niya ang kanyang regalo, siya’y nakalibing na. Subalit ang tanging paraan para magawa niya ’yun, ay ang lumiban na gaya nun. Haya’t ang munting manika ay di naman ganoong kalaki ang halaga, sa palagay ko, ’yung munting manikang ’yun na madungis ang mukha, pero ’yun . . . anong ginawa nun para sa lalaking ito? Tinupad ng bagay na ’yun ang pangakong ipinangako niya. Kahit ano pang isipin ng mga tao tungkol dito, na ang dumi ng kanyang mga kamay na nakakipkip sa munti’t, maruming manika na ito, pero tinupad nito—nito ang isang pangako sa kanyang munting anak.

128 Kung minsan nakatuon ang mga tao sa Ebanghelyo na pag-aawitan lang, paglalaro, tinanggihan nila Ito noong dalhin Ito ng Diyos, subalit tinupad nito ang isang pangako na ibibigay

Niya ang Kanyang Anak. At alam n'yo po ba? Pinabayaan lang nila Siya na mamatay, rin, gaya ng isang palaboy sa lansangan. Ganoon nga, pinabayaan lang nila Siya na mamatay na gaya ng isang palaboy sa lansangan. At hanggang ngayon tinatrato nila Siyang gaya ng isang palaboy sa lansangan, subalit tinupad na Niya kung anong dapat nga Niyang gawin. Siya ang Kaloob na ipinangako ng Diyos sa sanlibutan.

¹²⁹ Ngayong gabi, hayaan n'yong tanggapin ko Siya bilang Tagapagligtas ko sa *aking* puso. Hayaan n'yong lumakad ako na hinaharap ang aking kamatayan, o kung anupaman, na gaya nun. Ipinangako ko ang buhay ko sa Kanya. Nais kong dalhin ito sa Kanya. Kahit ano pang pagdaanan ko, kahit na dumaan ako sa kamatayan, kahit mabari ako; kahit anong mangyari, pagtawanan man ako, tawaging “baliw,” lahat na, matiwalag sa lahat ng iba pang mga iglesyang Cristiano at kung anu-ano pa, aking . . . kaloob ito ng Diyos na iniingat-ingatan ko sa puso ko. Ibinigay Niya ito, nais ko itong dalhin sa Kanya.

Iyuko natin ang ating mga ulo pansumandali.

¹³⁰ Mga naaangkop na regalong ipinangungusap ko kanina, isa 'yung naaangkop na regalo dahil ang munting batang babae . . . isa siyang munting batang babae, na magiging, isang munting nanay (sana), isang naaangkop na regalo ang munting manika. Ang naaangkop namang kaloob ng Diyos, na Manlilikha, na maihahandog sa Kanyang nilikha, ay isang Tagapagligtas na magliligtas dito mula sa kalagayang kinasadlakan nito. Iniisip ko, ngayong gabi, habang papalapit na tayo sa Pasko ngayon, at sa palagay ko'y ito na ang huling mensaheng maririnig natin sa pagitan ngayon at ng Pasko, maliban na makapakinig tayo ng mensahe sa radyo ng iba.

¹³¹ Iniisip ko, ngayong gabi, kung tinanggap na ba natin ang Kaloob na ipinangako sa atin ng Diyos: ang Buhay na Walang Hanggan, sa pagsampalataya natin kay Cristo at pagtanggap sa Espiritu Santo. Kung di pa n'yo natatanggap, at nais n'yong tanggapin ang tunay na kaloob ng Diyos, totoong Pamaskong kaloob, maaari po ba n'yong itaas lamang ang inyong kamay? Sabihin, “Kapatid na Branham, hindi ko—ko nga po malamang, Akin—akin namang pinaniniwalaan Ito minsan. At sa tuwing pagmamasdan ko naman ang mga bagay na ginagawa ko. At ako'y tila ba, medyo, may pag-aalinlangan.” Huwag—huwag na kayong mag-alinlangan pa, mga kaibigan.

¹³² Kita n'yo, hindi na—hindi na panahon para mag-alinlangan pa kayo ngayon. Siguraduhin nating desidido na tayo. Sabihin, “Ipanalangin mo ako, Kapatid na Branham, at nais ko pong . . . ang Kaloob ng Diyos sa sanlibutan, na si Jesus Cristo. Nais ko—ko—ko itong maging isang tunay na Pasko. Tinatanggap ko ang Espiritu Santo sa puso ko. Na iingatan ako sa lahat ng mga unos sa buhay, at balang araw ay makalalapit ako sa Kanyang

Presensya taglay-taglay ang kaloob na ito ng Buhay na Walang Hanggan. Tatanggapin Niya ako sa pamantayang 'yun, 'yun lang kasi ang tanging paraan na gagawin Niya 'yun."

¹³³ O, nasa inyo na ba ang tamang kaloob ngayong gabi? Ang tamang pag-uugali? "Ama, susunod ako sa Iyo saan Ka man po pumaroon. Ano mang Iyong sabihin na 'Gawin,' ay gagawin ko. Ano mang sabihin ng Iyong Salita sa akin, 'Gawin,' ay gagawin ko. Siyanga, Ginoo, hindi ko alintana anumang sabihin ng iba, gagawin ko 'yun dahil nais ko ang Iyong Kaloob; ito'y Buhay, at si Cristo ang Salita."

¹³⁴ Kung hindi mo masampalatayanan ang buong Salita, at sasabihin, "Buveno, di ko nga alam, sumasampalataya naman ako—ako na . . . *ganito*, sumasampalataya ako na *ganoon*, pero sadyang di ko kayang lumagay *rito*, di ako kayang lumagay *roon*." Katulad ka ng pitumpu na lumisan. Hindi nila kayang tanggapin ang buong Salita at tanggapin si Cristo sa buong kapusapan ng Kanyang pagka-Diyos at sa paglilingkod Niya; na handang mamatay na gaya ng ginawa Niya para sa iyo.

¹³⁵ Kung gayon maaari n'yo po bang itaas lamang ang inyong kamay, habang nakayuko ang inyong ulo, at sabihin, "Ipanalangin mo ako"? Pagpalain ka ng Diyos. At pagpalain ka ng Diyos. Pagpalain ka ng Diyos. Pagpalain ka ng Diyos, iha. Oh, Pagpalain ka ng Diyos. Oo, nakikita ko ang iyong kamay. Pagpalain ka ng Panginoon, tunay. Ang munting Kaloob na ito, ni Cristo, na ipinadala ng Diyos sa sanlibutan; at ipinakilala Ito sa pamamagitan ng mga . . . ipinakilala Ito ng mga Pantas, ipinakilala Ito ng Kanyang Sariling buhay, ipinakilala Ito ng Kanyang kamatayan, ipinakilala Ito ng Kanyang pagkabuhay na mag-uli, ipinakilala Ito ng pagtanggap mo, at ipinakikilala Niya ang Kanyang Sarili sa iyo na ika'y Kanya at Siya'y sa iyo. Kung hindi ka pa talaga . . . kita n'yo, ang tugon ng Espiritu ng Diyos na gagawa sa inyo, sa panahong ito ng Pasko, dumating nawa ito sa inyo ngayon.

¹³⁶ Makalangit na Ama, habang kami'y lumalakad na hinanghina gaya nung palaboy na 'yun sa lansangan, wala siyang silbi sa sinuman. Ang sanlibutan ay abalang-abala sa kanilang mga pagdiriwang na walang kabuluhan, gaya ng ginagawa nila sa gabing ito, Panginoon. Pero minsan pakiramdam namin kami'y tulad nung palaboy na 'yun, gayumpaman natanggap namin ang isang Kaloob. Kaya dumadalangin kami, Ama, na gagawin Mo kaming kaloob, na ilaw, sa naghihingalong sanlibutang ito. Marami rito ang nagsipagtaas ng kanilang mga kamay na may pagnanais ng Kaloob ng Diyos na kinailangan Niya, Mismong, ibigay ang Kanyang bugtong na Anak, na nanaog, naging isang Tao. Nagpakababa Siya nang husto na di man lang nila . . . Siya ay dumating na napakababa at higit na may pagpapakumbaba na Siya'y—Siya'y ni walang kama na napagsilangan sa Kanya.

Yung—'yung—'yung baka dun . . . o 'yung kabayo o isang hayop dun ay kinailangang magpagamit ng sabsaban nito, magbigay puwesto, (isang hayop) kalunos-lunos talaga para sa isang tao ang masadlak sa ganoong kalagayan. Siya'y—Siya'y nanaog sa isang—sa isang sabsaban, isang munting lumang lungga na kuwadra sa gilid ng burol doon sa Betlehem, na isang munting bayan na itinatag noon ng isang anak ng patutot maraming taon na ang nakalipas.

¹³⁷ At ngayon, Panginoon, napag-alaman namin na isang gabi, isang malamig na gabi, sinabi sa Kanya, “Rabi, nais naming sumama sa Iyo pauwi ngayong gabi.”

¹³⁸ At sabi Niya, “Buveno, ngayon, ang mga ibon may mga pugad sila, at—at ang mga soro'y may mga lungga, datapwat Ako'y—Ako'y—Ako'y wala . . . ni walang lugar na mahiligan ng Aking ulo.” At sa ganoong paraan nga nila Siya hinayaang mamatay, gaya nung palaboy na 'yun sa lansangan.

¹³⁹ Makalangit na Ama, maaari bang ang—ang mga Cristiano, ang mga tao ngayon ay makita po nila na—na Yun ang dakilang Kaloob na 'yun? At marami rito, ngayong gabi, higit sa isang dosena, sa palagay ko, ang nagtaas ng kanilang mga kamay na nais nilang matanggap ang Espiritu Santo. Marahil sila nga'y tulad sa mga lalaking pantas, na marahil hindi nakikita ng iba pa sa kongregasyon kung anong nahahayag. At ang Bituwin na ito, ang mahiwagang Ilaw na ito na dumaan sa ibabaw ng mga obserbatoryo, sa loob ng dalawang taon, kung saan ang mga tao noon ay tinitingnan nila ang oras sa pamamagitan ng apat na pagbabantay, tinitingnan nila ang oras sa pamamagitan ng mga bituwin. Pero walang kahit sino, walang mananalaysay ng kasaysayan ang sumulat tungkol dito. Wala ngang nakaalam tungkol Dito, at sa kabila nun naroon naman talaga Ito. At ang mga lalaking pantas na ito, dala-dala ang kanilang naaangkop na kaloob, sila nga'y pinatnubayan patungo Rito. Nawa po'y lumukob ang siya ring Ilaw na 'yun sa bawat puso, na narito ngayong gabi, na nakaupo rito ngayon. Nawa'y maisantabi ang anumang emosyon, nawa'y mawala na ang *ganito*, *ganoon*, at marahil walang iba talaga ang nakakaalam nito, gaya ng mga lalaking pantas. Subalit mayroon nawang bagay na lubos na lumukob sa puso ng kalalakihan, kababaihan, mga kabataang lalaki't kabataang babae sa gabing ito, na ang Kaloob ng Diyos ay pumahid sa kanilang buhay. Na mula sa gabing ito, sila'y mabago nga. Hindi na sila magiging gaya ng kung ano sila dati. Sila'y magiging isang—isang binago nang nilalang simula ngayon. Nawa sila, gaya ng mga lalaking pantas, lumayo at di na babalik sa mga kalakaran ng sanlibutan (at kay Herodes, sa palasyo ng hari), “At palibhasa'y pinagsabihan sila ng Diyos, nagtungo sila palayo sa ibang daan.” Iyo pong ipagkaloob ito, Panginoon.

¹⁴⁰ Ngayong gabi dumadalangin ako na bawat marurunong na lalaki, kabataang lalaki, o kabataang babae, na narito ngayong gabi. . . Lalaki o babae man na may sapat na karunungan na lumayo sa mga bagay ng sanlibutan ngayong gabi, na hindi na babalik pa matapos ang araw na ito. Pagkatapos ng—ng lilipas na araw na ito at ng gabing ito, nawa’y di na sila bumalik pa sa mga bagay ng sanlibutan, kundi maging marunong nawa sila. At itong munti’t mahiwagang Tinig na ito na nagbunsod sa kanila na itaas nila ang kanilang kamay at magsabi, “Oo, nais ko itong Kaloob ng Diyos” . . . Nawa’y ang siya ring bagay na ’yan na nagbunsod sa kanila na itaas ang kanilang kamay, ay mapagkilala sila ngayong gabing ito sa Kanyang kamatayan, pagkalibing, at pagkabuhay na mag-uli, sa pamamagitan ng pagkakaloob sa kanila ng Espiritu Santo. Nawa’y lumayo sila sa sanlibutan.

¹⁴¹ Nawa’y ang mga kababaihan dito sa gabing ito, Panginoon, na labis na nahihirapang lumayo sa pakiki-ayon sa sanlibutan; nawa’y pahabain na nila ang kanilang buhok, at magbihis na nang naaangkop sa isang binibini, at alisin na ang kanilang mga kolorete’t iba pang mga bagay-bagay, itong artipisyal, na nagpapakitang. . . tila—tila ipinapakitang sila’y di malulusog, sila’y . . . may—may kung anong mali sa kanila. At nawa sa gabi pong ito, ang munti’t mahiwagang Liwanag na ito, Panginoon, na nagbunsod sa kanila na itaas nila ang kanilang mga kamay, sabihin nawa nila, “Panginoon, ako’y lalayo na sa mga bagay ng sanlibutan, ngayong gabi.”

¹⁴² Ang mga kalalakihan naman dito na di pa nakakamit ang—ang—ang tunay na bagay, upang kausapin nila ang kanilang asawang babae at palayuin sila sa sanlibutan; at sa mga bagay na ’yan na kanilang ginagawa. Nawa kaming lahat, Panginoon, makalayo na kami sa sanlibutan ngayong gabi, na palibhasa’y pinagsabihan ng Diyos sa pamamagitan ng kakaibang munting mensahe ng—ng Liwanag ng Diyos na tumatama sa aming mga puso. Nawa’y lumayo na kami sa sanlibutan ngayong gabi at—at mamuhay na para sa Iyo sa nalalabi pa naming mga araw, humayo—humayo kami na kasama Mo palayo sa dating daan na tinatahak namin noon. Iyo pong ipagkaloob ito, Panginoon. Iyong gawin po kaming mas mabubuting mga Cristiano, bawat Cristiano na narito ngayong gabi, Ama, na tinanggap Ka po’t nananampalataya sa Iyo. Haya’t nagsusumikap nga sila noong makapamuhay sana ng isang Cristianong pamumuhay, pero ngayong gabi, nawa’y lumayo na talaga sila sa daan na ’yun ng sanlibutan, nawa’y matanggap na nila ang Kaloob na Iyon.

¹⁴³ Oh Diyos, isa—isa nga itong—isa nga itong kinukutyang daan. Babansagan ang kababaihan na “makaluma,” tatawagin sila ng lahat na ng maibabansag. At tatawagin ang kalalakihan na “mga panatiko.” Pero kami’y—kami’y handa, Panginoon.

¹⁴⁴ Espiritu Santo, nawa'y mailayo kami sa sanlibutan, ngayon din. Mailayo nawa po ako sa tinatahak kong daan, Panginoon. Hindi ko—ko—ko nais na tumahak saan mang daan na ilalayo ako sa Iyo. Panginoon, nais kong—kong tumahak sa daan na nilalayan Mong tahakin ko. Nais kong ang kaloob ng puso ko ay maging ganap na sakdal na ipakikilala Ka nito, Panginoon, sa lupa, na Ika'y hindi patay, Ika'y nabubuhay.

¹⁴⁵ Ikaw ang Diyos ng mga buhay, hindi Diyos ng mga patay. Ang mga patay ay pinagpipiyestahan ng mga langaw, at mga bangaw, na nagdadala tuloy ng mga mikrobyo at mas marami pang mga bangaw; gaya ng lalaking tumitikim ng una niyang alak, humihitit ng una niyang sigarilyo, nagsisinungaling ng una niyang pagsisinungaling, nangangaliwa sa asawa niyang babae sa unang pagkakataon; o 'yung asawang babae naman na nangangaliwa sa asawa niyang lalaki, o gumagawa ng mga bagay-bagay na mali; na para bang dinapuan sila ng bangaw, at 'yun . . . dumami ang mga—mga 'yun na . . . naging bundok na tuloy ng bangaw at karumihan, dahil nakadapo sa isang patay na kaluluwa sa loob. Apaw-apaw hanggang lumabas dun ang masasamang espiritu. At ibubunsod siya ng isang masamang espiritu na gumawa ng kung anu-anong iba pa; at may isa uli dung lalabas, ibubunsod siya nun na gumawa ng kung anu-ano pa dahil ginawa nila *iyon*.

¹⁴⁶ Diyos, lumayo nawa sila mula sa sanlibutan at tumahak sa Buhay. Magsibangon nawa sila, at magsibaba ang mga Anghel ng Diyos dala ang mga kaloob ng Buhay na Walang Hanggan, Panginoon, at humayo sila nang may pananagumpay at may pananagumpay sa tuwina. Iyong ipagkaloob po ito, Ama. Kami nawa'y makalayo na, ngayong gabi, mula sa mga bagay ng sanlibutan at sa mga layaw ng sanlibutan, habang may babala ang Diyos na narito na ang panahon, babalik na si Jesus sa lupa. At nawa'y pagkalooban kami ng Dakilang Espiritu Santo, ngayong gabi, ng Walang Hanggang Buhay na aming inaasam-asam. Iyong ipagkaloob ito, Panginoon. Kami—kami lamang ay dumadalangin na Iyong ipagkakaloob ang mga pagpapalang ito sa amin sa paghiling namin sa mga bagay na ito sa Pangalan ni Jesus Cristo.

Habang nakayuko ang ating mga ulo:

¹⁴⁷ Ang mga lalaking pantas na 'yun noong malaong panahon na 'yun . . . sinundan ang Liwanag hanggang . . . masumpungan nila ang Sakdal na Liwanag. At nawa ang munting Liwanag, ngayong gabi, na nagbunsod para itaas n'yo ang inyong kamay, o marahil hindi man n'yo . . . Tumama pa rin Ito sa inyo, kahit na hindi man n'yo naitaas ang inyong kamay, patnubayan nawa kayo ng Liwanag na 'yan patungo mismo sa Sakdal na Liwanag na 'yun.

Magsitayo po tayong lahat, para sa isang munting gawaing paghahandog.

¹⁴⁸ Gawin nating ang munting puso natin dito, ngayong gabi, na maging isang dako na mapapanahanan ni Cristo. Tandaan n'yo po, ngayong gabi, ang aking kakaibang munting kuwento tungkol sa palaboy na 'yun. Ngayong gabi, totoong, si Jesus Cristo ang palaboy na 'yun sa lansangan. Siyanga, Siya—Siya ang palaboy na 'yun sa lansangan. Oo, tunay, sinasabi natin, “Pinaglilingkuran naman namin Siya.” Tunay. Pero ang lahat ng kumukuti-kutitap na bagay at kagarbuhan, hindi Siya 'yun. Hindi Siya 'yun. Kinailangan nga Niyang mamatay para dalhin sa inyo ang Kaloob na ito, hindi isang manika, kundi Buhay. Kinailangan Niyang mamatay nang sa gayon ay magawa 'yun, para makapunta sa inyo, ang tanging paraan para makapunta Siya sa inyo. Hindi Siya maaaring basta lang pumunta rito at isa siyang Taong walang kapintasan, gaya ng kung ano nga Siya talaga, at pupunta sa inyo. Hindi Niya magagawa ito sa ganoong paraan. Kinailangan Niyang mamatay para magawa ito, para madala—madala ang Kaloob ng Diyos sa inyo. Gaya nung—nung palaboy na 'yun na kinailangan niyang mamatay para madala ang munting manika sa kanyang anak na babae, kinailangang mamatay ni Cristo para makapunta sa inyo. Nais nating matanggap Ito ngayong gabi. At nananampalataya ako, habang nakayuko ang ating mga ulo, . . . at itaas lang po natin ang ating mga kamay sa Diyos at ihandog ang ating mga buhay muli, dito mismo sa dakong ito ngayong gabi.

¹⁴⁹ Oh Mapagbiyayang Diyos, kami'y—kami'y nagnanais talaga ng Iyo pong Kaloob. Ako—ako'y narito, sa panahon na ito ng Kapaskuhan, Panginoon, at napagtanto ko sa pagmamasid ko sa lupa at nakikita ko ang mga kumukuti-kutitap na bagay at kagarbuhan ng panahong ito, nakikita ko—ko nga . . . hanggang sa mga dako roon, gaya ng sinabi ng Biblia, sa kapanahunang ito ng Laodicea, na nasa labas Ka ng Iyong iglesya. Ikaw ay tinanggihan, isang itinakuwil sa Iyong Sariling iglesya at sa Iyong Sariling bayan. Ika'y—Ika'y—Ika'y tinanggihan. Isa—isa ngang itinakuwil na tinatanggihan talaga, at Ika'y tinanggihan sa Iyong Sariling iglesya. Ika'y tinanggihan sa gitna ng Iyong bayan. Ayaw nila sa Iyo, Panginoon, at iniwan Ka nilang, gaya nung palaboy, dun sa lansangan. Diyos, Ikaw—Ikaw—Ikaw ay tumuloy pa rin, namatay sa kabila ng lahat, upang madala Mo ang Kaloob ng Diyos sa amin. At amin po Itong tinatanggihan nang may pagpapakumbaba, Panginoon. Idinadalangin kong Iyo lamang punuin ang aming mga puso't mga buhay. At makalayo na nga sa sanlibutan, simula sa gabing ito, at kami nawa'y maging Iyong-Iyo nang buong-buo habang inihahandog namin ang aming sarili sa Iyo.

¹⁵⁰ Iyong tanggapin nawa ako, Panginoon. Marami akong mali sa buhay na nagawa ko. At, mahal kong Diyos, sa—sa aking—

sa aking pagkakatayo rito sa sagradong dako rito kung saan ang Ebanghelyo'y naipangaral na at Ika'y natunghayan namin dito, kahit diyan sa—sa dakilang Liwanag na suminag sa kanila. At lubos kaming nagpapasalamat para rito, Panginoon. Aking—aking inihahandog ang sarili ko para sa Paskong ito, na hindi na . . . di na gaya ng ginagawa ng sanlibutan o 'yung—o 'yung bubuklat lang ako ng bagong pahina. Panginoon, nais ko—ko lamang talagang tanggapin ang Iyong Anak. Nais kong—nais kong tanggapin ang Iyong Kaloob, Panginoon.

¹⁵¹ Nais ko pong tanggapin ang Kaloob ng Buhay na Walang Hanggan sa pamamagitan ni Cristo. At ako, tunay, Panginoon, tinatanggap ko ang Kaloob ni Cristo sa akin, nang sa gayon makapagwagi ako ng iba sa Iyo. Diyos, bawat isa sa amin . . .


¹⁵² Iyong gawin na ang munting maybahay na kalugod-lugod namang talaga at mapagpakumbaba, na makaakay siya ng iba patungo sa Iyo. Ang Kaloob na ibinibigay Mo sa kanya, yaong pagiging mahinhin niyang babae, siya nawa'y maging tunay na mahinhing babae na kung makita siya ng mga kapitbahay ay—ay maghahangad silang maging tulad niya.

¹⁵³ Iyong gawin po ang lalaki, na nagtratabaho sa pagawaan, sinuman siya, Panginoon; iyong gawin siyang mamuhay nang may pagpapakumbaba, gaya ni Cristo, upang masaksihan ng iba. Hindi namin alam kung saan-saan nakatayo ang mga tao na ito roon, Ama, pero ayaw naman namin na lumayo na lang sa dakila't, pinaglumaang daan; bagkus palikod man, paharap man, aabot kami saanmang dako para makaakay ng kaluluwa. Iyo pong ilagay ito sa kaya naming maabot, Panginoon, 'yan ang dalangin namin. At Iyong ipagkaloob sa amin ang—ang—ang buhay na ang mga tao'y magnanais na mamuhay tulad nun, habang inihahandog namin ang aming mga sarili sa Iyo, ngayong gabi. Sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

Ngayon, kung iyuyuko lamang uli n'yo ang inyong mga ulo minsan pa, nais kong batiin ang bawat isa sa inyo ng isang maligayang-maligayang Pasko:

¹⁵⁴ Nawa'y ang dakilang Pamaskong Regalo, ang Siyang una't natatangi at orihinal at natatanging Isa kahit kailan, si Jesus Cristo, nawa'y sumibol na panibago sa inyong puso sa gabing ito. Dumating nawa sa inyo ang Espiritu Santo at dalhan kayo ng mga kaloob ng pagmi-ministeryo at mga bagay na mula sa Diyos, para kayo'y . . . isang kaloob para kayo'y makapamuhay ng isang mas mainam na buhay. Yan ang nais ko. Mas nanaisin ko pang taglayin ang Buhay ni Cristo sa akin nang sa gayon makapamuhay ako ng kalugod-lugod at matagumpay kaysa sa makamtan ko ang lahat ng mga kaloob ng pagpapagalang, ang kaloob ng pagpo-propesiya, ang lahat ng iba pang mga kaloob; ibigay n'yo lang sa akin si Jesus. Nawa'y maipamuhay ko ang Buhay, ang Buhay nga ang nais ko talagang maipamuhay. Nais

kong mabuhay upang makaalam din ang iba. Yan ang aking —'yan ang aking minimithi ngayong Pasko, at dalangin kong 'yan ang minimithi n'yo rin. At dalangin kong ipagkakaloob ng Diyos sa atin ang Kanyang mithi.

¹⁵⁵ Ngayon, magkaroon tayo ng kaunting pangungusap mula sa pastor, at pagkatapos mag-uuwian na. At pagpalain kayo ng Diyos. Magkita-kita tayo uli sa Miyerkules ng gabi. Hanggang sa muli, pagpalain kayo ng Diyos. 

NASUSUMPUNGAN SA TUWINA NG MGA KALOOB NG DIYOS
ANG DAKO NILANG PAGLALAGYAN TAG63-1222
(God's Gifts Always Find Their Places)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, na orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Linggo ng gabi, Disyembre 22, 1963, sa Branham Tabernacle sa Jeffersonville, Indiana, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2017 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org

Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org